


Tagalog Online Pocketbook The leading source of online pinoy stories



Unang Pag-Imprenta, 2013

Karapatang Pag-aari © 2008-2013, Tagalog Online Pocketbook

Lahat ng karapatan ay reserbado. Walang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring kopyahin, sa anumang anyo o paraan ng walang pahintulot sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa amin.

Ang ebook na ito ay obra ng mga manunulat na nagsulat nito. Ang Tagalog Online Pocketbook ay hindi ginarantiya ang kawastuhan ng mga bawat nakasulat dito at hindi tumatanggap ng anumang panagutan para sa anumang resulta ng paggamit nito.

Kung may pagkakahalintulad man sa pangalan, lugar, bagay, pangyayari o anuman sa tunay na buhay ay pahindi ito sinasadya dahil ang mga ito ay pawang kathang isip lamang.

Para sa karagdagang impormasyon, alamin ang mga sumusunod na detalye sa ibaba.

- Website <http://www.tagalogonlinepocketbook.com>
- Email support@tagalogonlinepocketbook.com
- Facebook <http://facebook.com/tagalogonlinepocketbook>
- Join Us <http://facebook.com/groups/tagalogonlinepocketbook>
- Like Us <http://facebook.com/topreader>
- Follow Us <http://twitter.com/topocketbook>

IRONIC LOVE

Darla

TEASER

Kahit tahimik si Eddielyn ay famous pa rin siya dahil sa kanyang kasuotang all-black. Dahil kaya dito o sa anupaman at nagugustuhan siya ng certified playboy na half-Filipino and half-Japanese na si Ryota?

Ngunit may istorya sa nakaraan ang dalaga kung kaya dedma lang siya sa lahat ng nakapaligid sa kanya... kahit sa napaka-attractive at kilalang playboy sa buong university...

Chapter 1

“Kelangan mo pa ba talagang mag-transfer, Eddie?”

Ito ang tanong ng kanyang butihing tiyahing si Andrea, habang kumakain sila ng almusal sa umagang iyon.

“Opo, tita. I have to.”

Ang sagot ng dalaga sa tiyahin na saglit itong tinignan na nasa tapat niya nakaupo sa may hapag-kainan.

“Well, if that is so... ikaw ang bahala, Eddie. I just want you to be happy. You know that.” Kumibit na ani na lang ng tiyahin.

Tinignan na lang niya ang kanyang tiyahin at saka nagpaalam na siyang umalis pagkakain.

Nagtungo siya sa unibersidad kung saan siya magta-transfer gayong nasa graduating year na siya. Siya na mismo ang kumausap sa taga-administration at dahil sa kilala naman ng mga ito ang pamilya niya ay wala siyang naging problema. Agad siyang nakapag-enrol sa araw ding iyon.

Kahit saan siya papunta ay di maiwasan ang mga tinging ipinupukol sa kanya. Dahil sa kanyang kasuotang all-black. Kahit maaraw ay naka-long sleeves siya ng itim at pantalon rin ng itim. May kwentas siyang gold na may pendant na ox, ang Chinese Zodiac ng kanyang birth year, na gawa naman sa ruby.

Patungo na siya sa kanyang itim na kotse nang mabangga siya sa isang lalakeng mula sa kanyang kanan. Hindi niya kase napansin ang lalake.

Buti na lang at di malakas kung kaya di siya natumba at napatingin na lang siya sa lalake.

“Oops, sorry! Miss, OK ka lang?” nakangiting hinging-despensa ng lalake sa kanya.

May kasa-kasama itong dalawang lalake na nakangisi rin.

“OK lang.”

Sabi niya at tinalikuran na ang lalake at ang mga kasamahan nito.

“O, tila di ka napansin, Ryota?” anang Olif, pinsan ng binata at anak ito ng isang senador.

Nakitawa siya nang saglit dito at kay Anton na kaibigan nilang magpinsan. Napasunod naman siya ng tingin sa papasakay na babae sa itim na kotse nito.

“Ngayon ko lang siya nakita dito, ah.” Puna pa ni Anton.

“Tama ka. Dahil bago siya dito, obviously.” Tumangong aniya.

“Tara na nga. Para matapos na ang pagpa-enrol natin.” Sabi pa ni Olif.

“Hi, Ryota!” sunud-sunod namang bati ng mga kababaihang may crush sa playboy.

Kahit alam ng mga ito ang nature nito ay gusto pa rin ng mga ito na sila naman ang pag-aaksayahan ng oras ng lalake.

“Hi, girls.” Tugon pa ng lalake na nakangisi sa mga ito.

“Pooh! Talaga naman.” Mahinang ani Anton kay Olif.

Ngumisi naman si Olif kay Anton at tinapik ito sa balikat.

“Parang naninibago ka pa sa pinsan ko, ah. Huwag mo na ngang pansinin ang mga babaeng yan kung ayaw mo. At baka sabihin ng gf mong nahahawa ka na kay Ryota.”

“Wag mo ngang sabihin yan, Olif. Baka magkatotoo.”

Napatawang sabi pa nito habang busy sa pagpapa-charming si Ryota sa mga babaeng kapwa estudyante.

“Eddie, balita ko nagpa-enrol ka na daw sa university na pinapasukan ko.”

Masiglang sabi ni Rina sa kabilang linya ng cellphone ng dalagang nasa lawn, nakaupo sa silyang bakal at nagbabasa ng magazine nang tumawag ang kaibigan.

“Yes, Rina. Sorry at nauna na akong nagpa-enrol sa yo.”

“It’s OK. I thought lang na baka may maitulong ako.”

“No. Thank you. Everything’s fine. Kinausap ko ang taga-administration so I didn’t have much problem about the proceedings.”

“That’s good to hear. Pero malay mo, baka magka-classmates pa tayo, di ba? Ano bang skedyul mo at yan na lang ang kukunin ko?”

Katulad din niya itong kumukuha ng kursong Management.

Sinabi na lang ng dalaga at inilapag na niya ang cellphone sa mesang bakal at napatingin siya sa veranda kung saan nakatayo ang kanyang tiyahing nakamasid sa kanya.

Ngumiti lang siya rito nang matipid at ibinalik na sa magazine ang kanyang atensyon.

“Why don’t you go out, Eddie?” tanong pa ng tiyahin niyang nasa likuran na pala niya at di niya namalayan.

Umupo ito sa isang silya na nakangiti sa kanya.

“I don’t want to go out, tita.”

“Why don’t you talk to Suzanne? Baka pareho lang kayong dalawa. And in that way...”

“I ought to forget, tita. Pero hindi yan mangyayari kapag kakausapin ko si Suzanne.”

Napalunok na aniya at agad na may luhang nangingilid sa kanyang mga mata.

“I’m sorry. I thought it was just a good idea, Eddie.” Nailing na anang Andrea.
“And I know how you feel. As I can see, you’re still mourning for her brother. But why don’t you let go, Eddie?”

“I’m trying, tita. You should know that.”

Umingos ang dalaga na tumango sa tiyahin na siyang naging magulang niya over the years na pagsasama nila pagkatapos mamatay ng kanyang mga magulang sa isang car accident.

“Pero di mo yan magagawa kung magmumukmok ka lang dito sa bahay at di mo inaaliw ang sarili mo.” Giit ni Andrea.

“Tita, how can I? It seems that every place I go, nando’n din siya at nakikita ko. Alam n’yong halos buong sulok ng Maynila ay nalibot na namin ni Stefano at kahit out of town pa, tita. Di ko pa rin siya makakalimutan.”

“It’s been almost two years, Eddie. Almost two years! I don’t want to see you wasting your life like this.”

“I know! I know, tita. Kaya nga nag-transfer na lang ako ng university kung saan iba na ang mga pasilyong lalakaran ko. At ibang mga mukha na ang makikita ko. Ito na lang ang naisip kong paraan para makalimot ako sa kanya, tita. A new environment.”

“So be it. Pero gusto ko sanang umalis na tayo sa ibang bansa para tuluyan mo na siyang makalimutan. There, it would be a whole new environment. It would be a start, you are right. Pero kung dito ka pa rin sa Pilipinas...”

“I have to graduate this school year, tita.”

Umiling na sabi niyang pinapahiran ang mga luha sa kanyang palad.

“I know. But it could wait kung gugustuhin mo. Gusto ko lang na makita ka ulit na masaya. Di na kita nakikitang ngumingiti, Eddie.”

Naiiyak na hinahaplos ni Andrea ang pisngi ng pamangkin.

“You’ve changed a lot after Stefano’s death. Gusto kong bumalik ka na sa dati.”

“I know you mean well, tita. Salamat sa inyo. Maraming salamat. Pero gusto kong tapusin ang pag-aaral ko this year. And if things are the same with me... saka na ako papayag na mangibang-bansa tayo. But for now, I have to face the reality... and this... pain.”

Hindi na nakapagsalita ang tiyahing nanunuyo ang lalamunang nakatingin sa lumuluhang pamangkin.

“Eddie! Hintay!”

Nakangiting kumakaway si Rina nang makababa sa kanyang kotse si Eddie at patungo na sa siya sa kanyang klase sa umagang iyon.

Nilingon niya si Rina at hinintay naman ito.

“Hi. Kumusta ka na?” Anito nang makasabay na siya sa pathway. “And... you’re still wearing black!”

“OK lang ako. Alam mo na kung baket ako nakasuot nito.”

“Sorry. Pero... akala ko kase you’re over him. Sorry talaga. Narinig ko lang sa iba nating kaibigan sa high school ang nangyari. Kaya di ko rin maiwasan...”

“I know but I’d appreciate it if you won’t talk about this again.”

“OK. Sorry, Eddie. Siyanga pala, ipakikilala kita sa bf ko pagka may time siya. OK lang ba sa yo?” masigla na naman ang tono ng boses nito.

Kumibit naman siya at di pinapansin ang mga tinging kuryuso na nasa kanya na naman. At ganito na rin ang ginagawa ni Rina.

“Alam mo, mabait ang professor natin sa major subject natin. At siya ang pinakamagaling sa university na ito. Kaya alam kong marami tayong matutunan sa kanya.”

Di naman umiimik si Eddie habang nakikinig sa sinasabi ng kaibigan niya. Nakita niya ang isang pulutong ng mga kalalakihan na nakatingin sa kanya pero di niya pinapansin ito pagkatapos.

“Buti na lang at nag-transfer ka dito, Eddie. Kase, mula nang maghiwalay tayo pagka-graduate ng high school, wala talaga akong ka-close na kaibigan rito. At ngayong nandito ka na, it feels like the old times, you know.”

“Oy, Rina! Pakilala mo naman ako sa kasama mo.”

Ang narinig nilang sigaw mula sa kumpol ng mga kalalakihan.

“Next time na lang! May klase pa kami. Bye!”

Tugon naman ni Rina saka sinulyapan ang di-masayang mukha ng kaibigan.

“Pakituro nga pala ng library mamaya after class. Pwede ba? Vacant kase.”

“Sige. Pero di ba maaga pa para mag-research?” taas-kilay na anang Rina.

“Di bale. Buti na ang advance.” Ang sagot ni Eddie.

Napakurap-kurap ng kanyang mga mata si Rina.

“Hi, girls.”

Nakangising bati pa ni Ryota sa kanilang dalawa nang makatagpo nila ito sa pasilyo, kasama sina Olif at Anton.

“Hi.” Nakasimangot na tugon ni Rina sa playboy.

“Not so pleased to see me, Rina?”

“Paano mo nalaman ang pangalan ko?” Nakasimangot na tanong ni Rina na napatigil.

Ngunit nagpatuloy sa paglalakad si Eddie.

“Narinig ko lang na tinawag ka kanina doon sa may pathway.”

Napamaang si Rina ng isang segundo. “Ang bilis n’yo yatang nakarating dito, ah.” Napangisi rin siya sa tatlo. “Paano ba nangyari yon? Nilipad n’yo ba?”

“In a way.” Natatawang anang Ryota.

“At baket ko ba kayo kinakausap, ha?” taray pa ni Rina. Saka sumunod na kay Eddie. “Eddie! Hintay!”

Napataas ng dalawang kilay si Olif.

“Eddie? Yon ba ang pangalan ng naka-all-black na babaeng yon?” anito sa dalawang kasama.

“Eddie.” Inusal pa ni Ryota ang pangalan ng dalaga.

“Eddie?” ani naman Anton. “Di ba pangalan ng lalake yun?”

“Alam mo, unisex na pati mga pangalan.” Natatawang ani Olif na tinapik sa balikat si Anton.

“She’s unique.” Birit naman ni Ryota.

Nagkatinginan na lamang sina Olif at Anton.

“Baket di mo ‘ko hinintay?” tanong pa ni Rina nang maabutan si Eddie.

“I thought you wanted to talk to your friends.” Anang Eddie at pumasok na sila sa kanilang room saka naupo na.

“Friends? They’re not my friends, ano? Playboy kaya ang mga yun.”

Nakasimangot na anang Rina.

“Hoy, if you’re referring to Ryota and his friends, si Anton lang ang hindi playboy. And for your information, Rina ex-bf ko siya.” Ang boses na nagsasalita sa kanilang likuran.

Si Brenda.

“Ah, ganon ba? Sorry ha?” taray naman ni Rina at iniikot ang mga mata pagkatapos.

“Teka, siya ba ang transferee na sinasabi ng lahat at tinatawag na Black Woman?” anitong ininguso si Eddie na di nakisali sa usapan.

“Ah, may palayaw ka na pala, Eddie.” Ani Rina at saka muling bumaling kay Brenda. “Ano ngayon kung siya nga, ha?”

“Wala lang. Ang taray mo naman. Makipagkaibigan lang, eh.”

“Sorry. Wala siya sa mood.”

Dumating ang kanilang professor at natahimik rin ang munting pagtatalong iyon.

“I can’t believe this!” bulong pa ni Rina kay Eddie nang nasa library sila pagkatapos ng kanilang klase.

“Baket?” inosenteng tanong ni Eddie.

“Andito sa library si Ryota at ang mga kaibigan niya.”

“Ano ngayon?” wala pa rin siyang malisyang nagtatanong dito habang naghahanap ng libro sa shelves.

“Hindi pumapasok ang mga yan sa library sa pagkakaalam ko.”

“Baka nagbago na.”

“Oo. Tama ka. Dahil yata sa yo. Feeling ko ikaw ang sinusundan ng mga yan, eh.”

Seryosong anang Rina.

Napatingin si Eddie sa tatlo.

“Sino ang Ryota sa kanila?”

“Sino ba ang pinaka-cute, attractive at may charming smile sa kanilang tatlo?”

sagot-tanong naman ni Rina.

“Ah, di ko matukoy, eh.”

Sabi ni Eddie na naiiling at naghahanap na ulit ng kailangan niyang libro sa Management.

Napatingin na lang sa itaas si Rina.

Di niya maintindihan si Eddie. Siguro kapag ibang mga babae pa yon ay talagang nakikilala na kung sino ang taong tinutukoy niya. At napansin na rin niya ang pagbabago ng ugali ng kaibigan niya nung high school pa sila.

Halos di na niya kilala si Eddie ngayon.

Palangiti ang dating Eddie na nakilala niya. May sense of humor at medyo madaldal.

Saka naiiling naman siya pagkatapos ay may narinig na lang silang komosyon sa isang table. Isang silya ang natumba at mabilis itong pinatayo ni Ryota ngunit binigyan na ito ng warning na ikinumpas lamang ng librarian. Upang wala ng ingay sa loob ng library.

“Hay naku.” Bulong pa ni Rina.

“Baka may paanga-anga lang.” Tugon pa ni Eddie na nag-i-scan sa librong nakuha mula sa shelf.

“At si Ryota yon.”

“Ah.” Wala sa sariling sabi ni Eddie.

Napabuntong-hininga naman si Rina dahil sa tugong iyon.

“Why are you so boring now, Eddie?” nausal pa nito.

Pero di sumagot ang dalagang kinausap.

Chapter 2

“Samahan mo naman ako sa cafeteria. Nagugutom ako, eh.”

Suyo pa ni Rina isang hapon pagkatapos ng kanilang klase, bago umuwi.

“Gusto ko na sanang umuwi, Rina,” reklamo pa ni Eddie.

“Gutom na talaga ako, friend. Please?”

“Sige na nga.” Bumuntong-hininga si Eddie.

Pagkapasok pa lang nila ng cafeteria ay pinagtitinginan kaagad ng mga naroroon ang dalagang naka-all-black.

Ngunit katulad ng dati ay tila walang nakikita ang dalaga. Tila nabubuhay siya sa kanyang sariling mundo. Wala siyang pakialam sa mga bagay at mga taong nakapaligid sa kanya. Maliban na lang yaong kelangan talaga ng kanyang atensyon.

“Dito ka lang. Ibibili na rin lang kita ng makakain,” sabi pa ni Rina nang makakita sila ng bakanteng pwesto sa isang sulok ng cafeteria.

Iniwan na siya ni Rina na nakaupo.

Inilagay niya sa mesa ang ilang librong hawak niya at hinintay ang pagbabalik ng kaibigan. Tumunog ang cellphone niya at kinausap ang tiyahin.

“Yes, tita Don’t worry. I’ll be fine... OK, take care.”

“Sino yun?” tanong ni Rina nang may dalang tray ng pagkain.

“Si Tita Andrea.” Aniyang ibinalik sa bag ang kanyang cellphone. “Sinabi niya lang na aalis siya kaya di ko siya mararatnan sa bahay mamaya.”

“Ang bait ng tita mo, ano?” ani Rina na nag-uumpisang kumakain ng kanyang nabili. “Ayaw pa rin ba niyang mag-asawa ulit?”

“No. She loved her husband very much.”

“Yeah. But he passed away a long time ago.”

Kumibit na tugon ni Rina at sinipsip ang softdrink nito.

“Kung pinag-uusapan namin yan, she would say she’s got me anyway.” Sabi niya at kinakain na rin ang sandwich niya na binili ng kaibigan para sa kanya.

“Well, tama ka rin. She treats you like a daughter. Siyanga pala, ayan na ang bf ko. Paparating.” Nakangiting sabi ni Rina.

Napatingin si Eddie sa isang lalakeng papunta sa kanilang direksyon. Nakangiti ito sa kanila nang maluwang. Humalik ang lalake sa pisngi ni Rina bago ito umupo sa isang bakanteng silya.

“Hi.” Bati pa nito.

Tumango si Eddie na may matipid na ngiti.

“Eddie, this is James. James, one of my bestfriends in high school. Si Eddie. Naikwento ko na siya sa yo.” Sabi pa ni Rina.

“Hi,” ang tanging sabi ni Eddie.

“Hello. Oo, naalala ko na, Rina.” Tugon ng lalake. “Well, saan tayo pupunta mamaya?”

“Sa mall na lang tayo. Para naman maaaliw itong si Eddie.”

“No, Rina. I can’t go. Kayo na lang ni James.” Agad na decline ng dalagang umiiling.

“Pero hindi naman magagalit si tita Andrea mo kapag isinama ka namin sa mall, di ba? Besides, di ka na nakapag-malling at di ka na masyadong lumalabas ng bahay n’yo. Wala ka ng ibang routine kundi bahay-eskwela at eskwela-bahay.”

Napalunok si Eddie. May punto ang kanyang kaibigan. Alam niyang wala itong masamang intensyon ukol dito. Pero parang di pa niya kayang harapin ang mga malls kung saan lagi din silang nagpupunta noon ni Stefano.

“Rina, baka naman...” tila nakuha naman ni James ang sagot ni Eddie kaya ayaw din nitong mapahiya at mapilitan si Eddie sa pangungulit ng nobya.

“James, you don’t know what’s eating her alive!” saka bumaling si Rina kay Eddie. “Come on, Eddie. Let’s be brave, OK?”

Napatitig si Eddie kay Rina.

“I know it would be hard on you. Pero di ka pwedeng magpatuloy ng ganito habambuhay, Eddie. Please. I’m your friend. Wag mo namang kalimutan yan.”

Napababa ng tingin si Eddie at tumango.

Napangiti na rin si Rina sa wakas at tila nabunutan ng tinik sa lalamunan si James.

“I can’t believe this!” naiiling na sabi ni Rina na nasa gitna nina James at Eddie.

The first time na sinabi ito ni Rina sa kanya ay nang makita si Ryota sa library. At ngayon ay nakita nga nito ang lalake kasama ang dalawang sidekicks nito.

Tila natatakot namang tumingin sa paligid si Eddie at sa sahig lang palagi ang kanyang paningin. Tila may phobia siya sa mga tao at sa mall.

“Eddie, tignan mo nga.” Bulong pa ni Rina sa kaibigan.

“H-ha? Ang alin?” ani Eddie na tumingin sa kaibigan.

“Si Ryota na naman, o at ang mga kasamahan niya. Nakatingin sila sa atin.”

“Magkakilala ba kayo ng Ryota na yan?” nakasimangot na tanong ni James sa gf.

“Naku, ewan! Mula nang mag-transfer si Eddie sa university, nakilala na ng playboy na yan ang pangalan ko. Ewan ko lang dito sa kaibigan ko. Mukhang dedma pa rin, eh. At alam mo bang sa tingin ko, si Eddie ang pinagkakainteresan niyan ngayon?”

“Well, baka eto na ang pagkakataong di na magtatagumpay si Ryota sa mga balak niya.” Napangisi na tuloy si James.

Sadyang binarahan silang tatlo ng tatlong lalake sa kanilang dadaanan. Nakangiting tiningnan ni Ryota si Eddie na tila wala sa sarili.

“Hi, Eddie.” Bati pa nito.

Napakurap ang dalaga at tinignan ang may-ari ng boses na yon. Napasimangot siya kung baket siya nito kilala gayong di naman niya ito kilala.

“Do I know you?” mahinahong aniya.

“Let me introduce myself. I’m Ryota Buencamino. My cousin, Olif and my friend, Anton.” Anitong ipinakilala ang sarili at ang dalawang kasama.

Saglit lang na sinulyapan ng dalaga ang dalawa at hinila na si Rina para lumabas ng mall. Nagtataka namang sumunod si James sa dalawang dalaga.

“Eddie! Di pa tayo nakapag-usap.”

Habol pa ni Ryota sa dalaga habang nakatayong nakangisi lang ang dalawang lalakeng kasama nito.

“Gusto ko ng umuwi, Rina. Hindi talaga ako mapalagay dito.”

Anang Eddie na di pinansin si Ryota. Sa tingin naman ni Rina ay umiiyak na si Eddie.

“Ryota, hayaan mo na siya. I think you’re upsetting her!” naiinis na sabi ni Rina sa lalakeng sumusunod.

Susunod pa sana ang lalake nang pinigilan ito ni James. Napatingin na lang si Ryota sa papalayong dalawang dalaga.

“Ano bang nagawa ko, pare?” tanong nito kay James.

Umiling lang si James at iniwan ang binatang halos di na maipinta ang mukha. Lumapit naman dito sina Olif at Anton.

“Tama ka. She’s unique. Pinaiyak mo pa yata pagkatapos mong magpakilala.”
Tudyo pa ni Anton.

“I don’t get it. She’s like in trouble.”

Simangot na tugon ni Ryota kay Anton na nawala ang ngisi nito sa labi.

“Or problem.” Sabi naman ni Olif na seryso ang mukha.

“Buti pa, sa bahay na tayo at inom tayo ng konte.” Sabi pa ni Anton.

Nasa porch ng bahay nina Anton ang tatlo at umiinom ng brandy. Nag-uusap pa rin sila tungkol sa misteryosang si Eddie nang dumating ang gf ni Anton at ang kaibigan nitong si Lilian.

“Tapos na ba kayong mag-dinner at umiinom na kayong tatlo?” taas-kilay na anang Krissy.

“Hindi pa, Krissy. Kaso, may problema lang kaming pinag-uusapan.” Turan pa ni Anton. “At si Ryota ang may problema.”

Ngumiti naman si Lilian at tinabihan kaagad si Ryota. Inaakbayan pa nito ang lalake at hinahaplos-haplos sa balikat.

“Ano bang problema, Ryota? Andito naman ako.”

“Kahit ibalandra mo pa ang sarili mo ngayon sa harapan ni Ryota wala sa mood yan, Lilian.” Babala pa ni Olif sa babae nang pabiro pero totoo naman.

Sumimangot si Lilian. Minsan ay nakuha na nito ang atensyon ni Ryota pero di naman siya tinuluyan ng lalake noon. At gusto niyang may mangyari talaga sa kanila sa pagitan ng lalakeng ito.

“Sabihin n’yo nga sa amin ang problema ni Ryota.” Kaswal na sabi ni Krissy.

“Well...” anang Anton na napatingin muna kay Olif tapos kay Ryota bago magsalita. “May bago kaseng chick sa university. Tinatawag namin siyang Black Woman dahil lagi siyang nakasuot ng itim. The thing is, gusto siya ni Ryota. Pero parang dedma. Di niya yata nakikita si Ryota, eh!”

“Black Woman?” nakasimangot na anang Krissy na tinignan si Lilian. “Lilian, may kilala tayo sa university natin na lagi ring naka-black, di ba? Si Eddielyn Gonzales.”

“Kilala n’yo si Eddie?” tanong ni Ryota na namumula na ang pisngi dahil sa nainom. “Galing siya sa university n’yo?”

“Of course! Siya na nga ang pinag-uusapan natin. Nag-transfer siya sa dinig namin. Dahil siguro sa bf niya, di ba, Lilian?”

Tumango si Lilian na nagkurus ang mga braso at sumandal sa sopa, na nakaupo pa rin sa tabi ni Ryota.

“Yup. At least she wasn’t Black Woman nung buhay pa ang bf niya. Dahil kase sa car accident, namatay si Stefano nang papunta na sana ito sa Baguio. That was... I

think two years ago. From then on, lagi na siyang nakasuot ng itim. Ipinagluluksa niya si Stefano hanggang ngayon.”

“Ahu, so nag-transfer siya ng university para siguro makalimutan na si Stefano. Lagi silang magkasama sa university, eh.”

Dagdag naan ni Krissy na umupo sa tabi ng kanyang bf.

Katahimikan.

Saka naunang bumasag nito ay si Olif na tumayo na hawak ang basong may lamang brandy.

“There’s the story. I think it solved the mystery, Ryota. We gotta go now. Hahanapin ka na ni *Oba* Areru mamaya sa akin.”

Walang imik na tumayo si Ryota.

“At ako ang magmamaneho ng kotse mo.”

Dagdag pa ni Olif na nagpapaalam na sa tatlong maiiwan.

“I don’t like that Stefano, Olif.”

Kalahating pikit ang mga mata ng binatang nasa passenger seat nang magsalita.

Napatingin si Olif sa pinsan bago ibinalik sa kalsada ang atensyon. May pinakamaraming nainom sa kanilang tatlo si Ryota ngayon. Bagay na di normal para sa kanila.

“Why? The women said he’s dead!” marahang anang Olif.

“Dahil nagluluksa pa rin si Eddie sa kanya. And to think it’s already two years, she’s still wearing black!” kumpas pa ng binata.

“Why do you care anyway? Eddie’s got nothing to do with you. She barely knows you exist, cousin. And it’s bright as daylight that she doesn’t want any new relationship so soon. Tignan mo na lang. Limitado ang kaibigan niya. Isa lang ang kaibigan niya. Or let’s say, dalawa.” Ang sabi pa ni Olif na naaalala sina Rina at James sa mall.

“Huh! Alam mo na ang ugali ko, Olif. What Ryota wants, Ryota gets. Even if it’s Eddie’s the last woman that I have to want, then I will get her. Kaya, ipaalala mo sa akin na may gagawin tayo sa Dean’s office ng Management bukas. OK?”

Saka ipinikit na ng lalake ang mga mata dahil sa hilong-hilo na ang pakiramdam nito.

Naiiling naman si Olif sa pinsan. Malaki talaga ang pagkakagusto nito sa bagong transferee. Ano kayang gagawin nila bukas sa Dean’s office ng Management course?

Kinabukasan sa campus...

“Gusto ko lang malaman ang address at contact number niya, miss. Sige na. Di ko naman ipagkakalat yun, eh. Tsaka, di naman ako mukhang terorista sa tingin mo, di ba?”

Nakangiting pakiusap ni Ryota sa student clerk ng Dean’s office ng Management course.

“Pero bawal kaming maglabas ng information tungkol diyan. Policy namin yan dito.”

“Miss, may ginagawa lang kaming research. So, pagbigyan mo na kami. Confidential pa rin naman ang ibibigay mong info, eh.”

Matama siyang tinignan ng student clerk at saka may binuksan na itong file sa computer.

Pagkatapos ay halos umabot sa magkabilang tenga ang ngiti ni Ryota nang lumabas silang dalawa ni Olif sa opisina.

“So, may napala ba kayo?” tanong ni Anton na nakahintay sa labas.

“Di mo ba halata sa mukha niya?” sagot-tanong ni Olif.

Nakatingin pa rin si Ryota sa bond paper kung saan naka-print ang mga impormasyong kailangan niya tungkol kay Eddie. Pati ang ID picture nito ay naka-print din doon.

“Nakuha ko na.” Pabulong na sabi ni Anton na tumango. “Ano na ngayon?”

“Ewan ko. Baka tatawagan niya at pepestehin ang kawawang babaeng yun.”

Nakangising tugon ni Olif.

“Huh! Malamang!” Natatawang anang Anton.

Hinalikan naman ni Ryota ang picture ni Eddie sa print out. Saka naiiling na lang ang dalawang kasamahan nito.

Chapter 3

Kaiibis lang ni Eddie mula sa kanyang kotse nang may magsalita mula sa kanyang likuran.

“I’m sorry sa nangyari doon sa mall.”

Isinara niya ang pinto ng kotse at hinarap ang lalake.

Napakurap siya saglit at tumango sa lalake. Pagkatapos ay nagsimula na siyang maglakad patungo sa kanyang klase sa umagang iyon.

“I don’t know if you remember me. Ako si Ryota.”

Sabi ng lalakeng sumasabay sa paglalakad ng dalagang nakasaya ng hanggang talampakan at nakablusa ng short sleeves na itim sa araw na iyon.

“Naalala kita.” Tanging sabi niya.

“Good. That’s good to know.” Nakangiting ani Ryota. “Ahm... do you mind if I shall wait for you after class hours?”

“Yes, I mind. Wag mo na akong hintayin. Uuwi na rin naman ako kaagad.”

“Well, I can see you home.”

“Hindi na kailangan yan. Baka may iba ka pang lakad at istorbo lang ang gagawin mong yang wala namang kwenta.”

Napalunok si Ryota dahil sa kanyang narinig.

Hindi nga siya inisnab ng dalaga. Pero nainsulto naman siya dahil sa mga sagot nito. Wala pang babaeng tumanggi sa kanya.

Pumasok na sa kanyang silid-aralan si Eddie at naiwan sa labas ang lalakeng napasunod ng tingin sa dalaga. Nakita naman niya si Rina na paparating at nakasimangot ito nang makita siya.

“Anong ginagawa mo dito? Malayo pa kaya ang department n’yo dito.”

Bungad pa ni Rina at napsilip sa loob ng room at nakita si Eddie doon.

Pero di pa rin pumasok ang babae na nakaharap kay Ryota.

“Alam ko yan. Kinausap ko lang ang kaibigan mo.”

“At?”

“Limitado lang ang naging pag-uusap namin. I suppose that I’m going to have a visit at her house then.” Kumibit na anang Ryota.

Nagdududa ang tinging inalok ni Rina sa binata.

“Kung may binabalak kang masama sa kaibigan ko, Ryota you better think twice. She’s not your kind of woman. You should remember that.”

Ang babala pa ni Rina at iniwan na si Ryota upag pumasok na sa room.

“I already know that.”

Sabi pa ng binata sa sarili at tumalikod na may determinadong ekspresyon sa mukha.

“Hey, Ryota! Alam mo bang nami-miss kita?”

Nakalambitin kaagad ang mga braso ni Lilian sa leeg ng binatang nakasandal sa kanyang kotse.

Hinihintay niya si Eddie na lumabas.

“Lilian? Anong ginagawa mo dito?”

“Well, wala naman kase akong naisip na gawin ngayon, eh. Magkasama ngayon sina Anton at Krissy. Di ko naman makita-kita si Olif sa paligid. Kaya hinanap na rin kita dito.”

“You mean, magkasama kayong magpunta dito ni Krissy?” tanong niyang pasimpleng ibinaba ang mga braso ng babae palayo sa kanya.

“Oo. Tsaka...”

“Eddie!” binalewala na ni Ryota ang babae nang makita niya si Eddie na papalapit na sa kotse nito.

Saglit na napatingin si Eddie kay Ryota. Saka sa babaeng kasama nito.

Pamilyar sa kanya ang mukha nito. At naaalala niyang kasama niya ito sa dating university na pinasukan. Ang isa sa mga beauty queens ng university na si Lilian Mercado. Nag-transfer din kaya itong tulad niya? Naitanong niya sa sarili.

“Samahan na kitang pauwi sa inyo. OK lang ba?” anang lalake na muntik nang madapa habang papalapit sa kanya.

Pero agad naman itong nakabawi ng poise na nakangiti pa sa kanya.

Kinagat ng dalaga ang itaas na labi niya habang tinignan ang lalake. Di pa siya nakakita ng isang lalakeng aanga-anga katulad ng Ryota na ito.

“I don’t think so. Kasama mo yata si Lilian.”

“Hi, Eddielyn.”

Sabi pa ni Lilian na nakangiting lumapit sa kanila at naka-abre-syete kay Ryota na medyo tensyonado ngayon.

“Hi. Kumusta?” tugon niya.

“Mabuti. Ikaw? Nabalitaan namin ni Krissy na dito ka na nag-transfer. Dahil ba sa nangyari kay Stefano?” malisyosang anito.

“OK lang ako, salamat. Tungkol kay Stefano, I’d appreciate it very much if you don’t mention him again. I got to go.”

“Sure!” nakangising anang Lilian.

“Eddie, susunod na ako sa yo.”

Ang sabi naman ni Ryota na kinuha ang kamay ni Lilian mula sa braso niya upang iwanan ito.

Ngunit di sumagot si Eddie na lumulan sa kanyang kotse. Sumunod naman si Lilian kay Ryota.

“You can’t leave me here, Ryota.” Pa-sweet na anito.

“Hanapin mo na lang si Olif. Ihahatid ko lang sa kanila si Eddie, OK?” sabi ni Ryota na tiim-bagang na pinaandar ang kotse.

Sinundan ng binata ang kotse ni Eddie hanggang sa bahay nito. Nang maisara na ang gate nang makapasok ang kotse ng dalaga ay saka pa umalis ang lalake.

Pumasok sa bahay si Eddie at sinalubong siya ng kanyang tiyahing mula sa itaas. Nakangiti ito sa kanya at hinalikan siya sa pisngi.

“Kumusta ang araw mo?”

“OK lang po, tita.”

“Napansin ko yata ang kotseng sumunod sa yo.”

“Wala yun, tita.”

“Ba’t di mo pinapasok dito? At sino ba yun?”

“Wala yun, tita.” Ulit pa ng dalaga.

“Ah, OK. Siyanga pala, anong masasabi mo kapag magpa-party tayo sa birthday ko in the next few months?”

Natigilan ang dalaga.

Ngayon lang magsi-celebrate ng kanyang birthday ang tiyahin. Sinusukat ng kanyang tingin ang may edad na babae.

Saka ngumiti siya ng matipid dito.

“Is there truly something to celebrate, tita?”

“Of course. My birthday! Ano pa nga ba?” natatawang anang Andrea sa pamangkin.

“At sino ang espesyal mong bisita, tita?”

“Not in particular. Just family friends. But you can invite your friends too, of course.”

“Kung meron man, I think si Rina lang at ang bf niyang si James. No other people, tita.”

“Ow?”

“I don’t want to invite any more than them, tita kung gusto mo talaga akong mag-invite.”

“Well, gusto ko sanang makilala ang lalakeng aali-aligid sa yo.” Anitong hinaplos ang pisngi niya.

“No, tita. You don’t know him. And I don’t know him anyway. Kaya...”

“I won’t pressure you, Eddie. Pero dapat mo ng kalimutan si Stefano. I don’t think he’d be happy if he knew you were not happy. Two years of mourning is more

than enough, Eddie. You're still young. You can still meet other men. You'd eventually forget him if you just let yourself into it. Believe me. And then you'll forget the pain."

Napalunok si Eddie sa kanyang narinig. Pinigil niya ang mga luhang gustong pumatak. Kaya kumurap-kurap na lamang siya at kinagat ang labi.

"I'm trying, tita. I'm trying..."

"That's good. Just like what I did when your uncle died, Eddie. Huwag mong kalimutang esposo ko siya. At yon ang pinakamasakit na dumaaan sa buhay ko. I loved him more than my life." Pagpapalaks pa nito ng loob ng pamangkin.

Tumango si Eddie. Naintindihan niya ang sinabi ng kanyang tiyahin.

Tama nga ito. Pero di pa niya alam kung saan siya magsisimula.

"Ryota, may bago at kakaiba akong narinig mula kay Kuya Olif."

Ang sabi ni Leeyan, ang pinsan niya at nakababatang kapatid ni Olif. Nakaupo ito sa sofa at isinantabi ang magazine na binabasa nang dumating siya sa bahay ng pinsan.

Umupo si Ryota sa tapat ng pinsan nang nakangisi.

"Talaga? Ano yun?"

"Kilala ko ang bagong kinababaliwan mo ngayon. Ang Black Woman na tinatawag n'yo?"

“Ah, si Eddie. Ano naman ang nalalaman mo tungkol sa kanya?” anang Ryota na iniinom ang juice ng pinsan.

“I happen to know her late bf’s sister. In fact, she is a friend of mine.”

“Huh, what a small world!” naiiling na napatawa si Ryota sa pinsan. At kinuha na rin ang cake na nasa platito nito at sinimulang kainin. “Days ago, sinabi ng gf ni Anton na kilala nila ni Lilian at Krissy si Eddie. Ngayon, ikaw naman. Kilala mo ang kapatid ng namayapang bf ni Eddie. What more can I have in the next few days? More news I hope?”

Napangisi naman si Leeyan na nakatingin sa binata.

“Ryota, I know how Eddie loved Stefano. At hindi basta-bastang babae lang si Eddie. And I heard na dapat sanang engagement party na nila ni Stefano a week after his death. Now, you see how it hurt Eddie at the time until now.” Turan naman ni Leeyan.

Hindi nakapagsalita si Ryota.

Napatigil siya sa pagnguya ng cake at nahirapan siyang lunukin ito. Uminom siya ng juice na biglang tumabang sa kanyang bibig. Ibinalik niya sa mesita ang platito at baso ng juice.

“I suppose I understand what you wanted to say, Leeyan. Akala mo ay isa sa mga babaeng paglalaruan ko lang si Eddie.”

“Right. Pero kung balak mo nga yun, Ryota, ngayon pa lang ay sinasabi ko na sa yong hindi mangyayari yan.”

“I see.” Seryosong anang Ryota na iniwas ang tingin mula sa kanyang pinsang titig na titig naman sa kanya. “But guess what, Leeyan?” Biglang anang binata rito. “I already realized that Eddie is different from all the women that were involved with me.”

Tumaas ang kilay ni Leeyan.

“Don’t tell me you’re serious about her? Hind ako maniniwala, Ryota.”

Umiiling si Leeyan na may mapaklang ngiti.

“Well, wala naman akong sinasabi sa yo. Titignan lang natin. OK?” may matipid na ngiting iginawad si Ryota sa pinsan. “Saan ba’ng kapatid mo?”

“Sa pool.”

Ang tugon nito at tumayo na siya upang puntahan sa swimming pool si Olif.

Chapter 4

Nag-aaral si Eddie para sa kanyang chapter test kinabukasan nang tumunog ang cellphone niya.

Napasimangot siyang sinagot ang di kilalang number ng caller.

"Hello. Sino ito?"

"Si Ryota. I'm sorry if I'm disturbing you."

"Tama ka. Nag-aaral ako ngayon para sa chapter test namin bukas. Major subject ko, if you wanna know."

"Oh, sorry. Gusto ko lang kaseng.... marinig ang boses mo."

Napatingin sa kisame ang dalaga bago sumagot.

"Narinig mo na ang boses ko. Goodnight." Anyang ini-off na ang cellphone.

Pagkatapos ay bumalik na siya sa pag-aaral. Ngunit bigla namang sumisiksik sa isipan niya ang Ryota na iyon.

Napasimangot siya at blangkong napatingin sa kanyang notes at libro. Baket tila nakikita niya ang mukha ng lalakeng iyon sa notebook niya?

Narinig na lang niyang may kumakatok sa pinto ng kanyang kwarto. Ang kanyang tita Andrea ang pumasok.

"May tawag ka sa telepono. Di raw makontak ang cellphone mo, Eddie."

Napasimangot siya sa kanyang tiyahin.

“Sino daw, tita?”

“Lalake. Kausapin mo na.” Nakangiting anang Andrea.

Lalong napasimangot si Eddie at kahit tinatamad na tumayo ay ginawa niya upang puntahan ang telephono na nasa dingding, sa labas ng kanyang kwarto.

“Hello. Sino ba ito?” aniya nang sagutin ang telepono.

“Baket mo pinatay ang cellphone mo?” tanong ng lalake.

“Ikaw na naman? Iniistorbo mo na ang pag-aaral ko. Baket di mo pa ako lulubayan? Ano ba talaga ang sadya mo?”

Sinusungitan na niya ito habang nakikinig naman sa kanya ang tiyahing interesado sa lalake.

“Ahm.... Gusto lang sana kitang imbitahan sa... acquaintance party ng department namin. Wala kase akong partner. At sa makalawa na kase yun.”

“Di ko na problema yun. I bet, you managed well in finding a partner before I appeared in your life.”

Nakapunto ang dalaga.

At tila sinikmuraan si Ryota sa mga salitang iyon.

Mahirap nga ba talaga kapag malinis ang intensyon ng isang tao tungo sa isa pa?

“T-tama ka doon. P-pero ako kase ang laging iniimbitahan. Ngayon, gusto kong ako naman ang mag-imbata ng ka-partner ko.”

“Why the change? You would be better off like before.” Giit pa ni Eddie rito. “And why am I talking to you now, anyway?” aniyang biglang na-realize at nag-hang up na.

“Tsk. Tsk. Tsk.” Naiiling na anang Andrea sa kanya nang makaharap niya ang tiyahin. “I think it was very formal and nice of him to ask you to be his partner, Eddie. Di mo sana siya ininsulto at binastos nang ganon.”

“Napuno lang kase ako, tita. Alam niyang nagre-review ako ng lessons ko para bukas.”

“Eh, di kukulitin ka lang niya nang kukulitin at di ka na nga makapag-review nang maayos niyan. You better go for it. Besides, you might enjoy his company.”

Nag-ring na naman ang telepono nang makapagsalita si Andrea. Napatingin si Eddie sa tiyahin at ito na ang sumagot ng telepono.

“Hello. Sino ba ito?” tanong ni Andrea habang nakasimangot lamang na nakatayo si Eddie. “Ryota. Ah, OK. Heto siya. Sorry kanina.”

Umiling si Eddie dahil ayaw niyang tanggapin ang receiver. Pero ipinilit ito ni Andrea sa kanya. Kahit anong tanggi niya ay ayaw naman niyang magalit ang tiyahin kaya napilitan na rin siya.

“A-ano na naman ba ang sadya mo?”

Nagkasalubong ang dalawang kilay niya na tanong sa lalakeng nasa kabilang linya.

“Gusto kong malaman ang sagot mo. Kung oo o hindi.”

“Kung hindi, anong magagawa mo?”

“Pupunta ako ngayon diyan sa inyo at magno-noise barrage.”

Nakangisi si Ryota sa kabilang linya na sumagot.

“Ah, sige subukan mo at ipapupulis kita!”

“Does that mean NO?” paniniguro ng lalake.

Napatingin si Eddie sa kanyang tiyahin.

Kung totohanin ng lalake ang banta nito, mapapahiya lang sila sa kanilang kapitbahay kahit distansyado ang mga ito mula sa kanila.

At kung umuo naman siya, di niya alam kung anong gagawin bilang partner ng lalake sa buong gabi ng party.

“Ano? Ba’t di ka na makasagot diyan?” tanong ni Ryota.

“Wala na ba talaga akong choice?”

“Meron. Sinabi ko na sa yo. Kung hindi, pupunta ako diyan at magno-noise barrage. Pero kung oo, makakabalik ka na sa lessons mo.”

Napahugot ng malalim na hininga ang dalaga.

Napasimangot si Eddie nang sinalubong siya sa pasilyo ni Ryota at ng mga kasamahan ito sa university kinabukasan.

Ngising-ngisi ito sa kanya na binabati siya.

“Hi!” anito.

Ngunit di niya ito sinagot. Dinaanang niya lang ang lalake at napasunod ang tatlo sa kanya na tila mga tuta.

“Gusto ko lang sabihin sa yong napakasaya kong pumayag kang maging partner ko bukas sa party.”

“Anong partner mo si Eddie sa party bukas?” biglang sabad ni Rina na nasa likuran pala nila.

“Oo. Sa acquaintance party namin.” Sabi pa ni Ryota kay Rina na kumumpas pa. “Pumayag na si Eddie. Di ba, Eddie?”

“Talaga, Eddie?” tnaong ni Rina.

“May chapter test pa tayo ngayon. Ayokong isipin yan.” Iwas pa ng dalaga.

“Susunduin kita bukas before seven sa inyo, Eddie.” Sabi pa ni Ryota. “Take care, sweetheart!”

Napatigil si Eddie sa paglalakad dahil doon.

Hinarap niya si Ryota na napahinto rin. Ganon din sina Olif at Anton na walang imik.

“Don’t call me that.”

Mahinahong babala ng dalaga. Saka nagpapatuloy na ito sa paglalakad, nakabuntot naman si Rina.

Tinapunan naman ng inis na tingin ni Rina si Ryota. Ngunit kumibit naman si Ryota na tila nasikmuraan na naman ni Eddie.

Tinapik ni Olif sa balikat ang pinsan.

“Take it easy. And take it slowly, cousin.”

“She’s so sensitive!” kumpas pa niya sa papalayong dalaga.

“Kaya nga iba siya, di ba? Come on, may pasok din tayo. Baka nakalimutan mo na.” Anang Olif.

“Tama si Olif, you know.” Mahinang sang-ayon ni Anton. “Besides, you should be contented na pumayag na siya para bukas.”

Samantalang nangungulit naman si Rina kay Eddie.

“Pumayag ka ba talaga na maging partner niya, Eddie?”

“Rina, napilitan lang ako dahil sa pangungulit niya. Una, tumawag siya sa cellphone ko. Tapos, nang mai-off ko ito, doon na naman siya sa landline nangulit. I

didn't have a choice! Kung di ako umuo sa kanya, di ako makapag-aral dahil sa pangungulit niya. And I don't know how he got my contact numbers."

"At huwag mo naman akong tignan ng ganyan. Dahil never akong makipagsabwatan sa Ryotang yun."

"Well, you're cleared then."

"Of course, my conscience is clear! I have nothing to do with that... playboy. Pero dapat lang na mag-iingat ka sa kanya, Eddie. Wala pa siyang babaeng pinalalampas sa mga kamay niya."

"Thank you for the warning. Now, can we discuss our chapter test?"

Biglang napangiti si Rina na ipinagkatataka naman niya.

"What?"

"It's like your life's turned upside down dahil kay Ryota, Eddie. You should admit it."

Di kumibo ang dalagang iniwasang tignan si Rina.

"Magpaparty ng apala si tita sa birthday niya. Gusto niyang pumunta kayong dalawa ni James."

"Sure. Tatawagan ko na lang mamaya si James para malaman niya in advance."

Patlang.

"May iba ka pa bang iimbitahan?" kuryusong tanong ni Rina.

“Wala na. Kayo lang dalawa ni James ang gusto kong pumunta doon.”

“Di ba naging kaibigan mo naman ang kapatid ni Stefano?”

Natigilan si Eddie nang sandali saka umiling.

“No. We’re not exactly friends. Magkakilala lang. Never too close though.”

“Nagkausap na ba kayo after what had happen, Eddie?”

Hindi naman agad nakasagot si Eddie. Inaalaala niya ang nakaraan.

Nasurpresa na lang siyang ma-realize at ma-feel na napakatagal ng panahon iyong nangyari sa halip na two years.

At di na kumukurot masyado ang puso niya habang pinag-uusapan nila ang pangalan ng namayapang nobyo. Nalilito na siya ngayon sa kanyang nararamdaman.

“No, we haven’t. Noong burial lang, Rina. That was the last time we talked. But we didn’t talk about her brother.”

Napatitig na lang si Rina sa malungkot na kaibigan. Di malaman ni Rina kung paano kaya makapag-move on ang kaibigan.

Saka napaisip siya kay Ryota. Malinis nga ba talaga ang hangarin nito kay Eddie? Tingin niya, medyo may kaibahan na sa habit ng playboy. Di na niya nakikitang may kasama itong babae sa campus.

Pagkatapos ay napabuntong-hininga na siya.

Chapter 5

“So, ikaw yung sumunod kay Eddie minsan dito sa bahay. Tama ba ako?” tanong ni Andrea sa bisita nang makaupo na ito sa sopa.

“Opo. Di ko po alam na nakita n’yo pala ako noon.”

Magalang na sagot ni Ryota sa tiyahin ni Eddie, habang nagbibihis pa ang dalaga para sa party sa gabing iyon. Nag-hire ng isang make-u artist si Andrea para sa okasyong itong dadaluhan ng pamangkin.

“Nasa terrace ako noon. Kaya napansin kong huminto ang kotse mo. So, kumusta ba ang pakikitungo sa yo ni Eddie?”

“OK naman po. Kaya lang, sa totoo lang po... eh, feeling ko parati ko siyang ginagalit. Tsaka, di ko naman maiwasang kulitin siya. Pero sa maniwala kayo’t sa hindi, wala talaga akong masamang intensyon sa pamangkin n’yo, madam.” Turan naman ng binata.

Tumango si Andrea na seryoso ang mukha.

“Sana pagpasensiyahan mo na ang pamangkin ko. Para kaseng di pa niya natanggap ang nangyari sa nobyo niya. Pero sinasabi naman niya sa aking sinusubukan niyang maka-recover. And I believe her.”

“Sa tingin ko, nahihirapan pa rin siya. At naiintindihan ko naman po siya.”

“Salamat sa pag-intindi mo. At dapat malaman mong ngayon pa lang ay may tiwala na ako sa yo, Ryota.”

“Salamat po.”

Tumango naman si Andrea.

“Ah... may pabor lang po akong hihingin sa inyo.”

“Ano yun?” tanong ng nakangiting ay edad na babae.

“OK lang po kayang liligawan ko na si Eddie?”

“Silly! Ano pa nga ba itong ginagawa mo, Ryota?” natatawang anang Andrea at pinamulahan tuloy sa hiya ang binata.

“Ah, I mean... di pa niya kase naintindihan ang mga ginagawa ko. Besides, ngayon pa ako pormal na manliligaw sa isang babae. Pasensya na po.”

Biglang hinawakan ni Andrea ang mga kamay ng lalake at tinapik-tapik. Medyo malamig ang mga kamay nito. Dahil sa kasabihang cold hands but warm heart ay payapa ang pakiramdam niya sa lalake.

“OK lang, Ryota. OK lang. But you should learn how to deal with my niece.”

“Tita, OK na po ba ito?” tanong pa ni Eddie na napamaang nang makita si Ryota na nandito na pala sa bahay nila.

Tumayo ang binatang tila nabato-balani sa kagandahang nakikita niya. Tumayo rin si Andrea na nakangiti upang batiin ang pamangkin at aprobado sa kanya ang suot na itim na fashioned dress.

“You look perfect, Eddie.” Ang sabi ni Andrea.

Halter ito at backless. Ang haba ay hanggang talampakan. Ang itim na high heeled sandals ay may mga kumikinang na fabricated diamonds. Naka-coil ang mahabang buhok ng dalaga sa kanyang ulo at may suot siyang pearl na kwentas, earrings at bracelet.

“Hi.” Bati pa ng lalake.

“H-hi. Di ko alam na dumating ka na pala.” Seryosong ani Eddie sa binata.

“If you’re ready, Eddie pwede ka ng sumama kay Ryota. While it is still early. Baka mali-late pa kayo. And you shouldn’t have asked me if your dress is OK or not. You look perfect in whatever you wear.” Pagkatapos ay nilapitan ang pamangkin upang halikan sa pisngi.

Napalunok ang dalaga nang makasalubong niya ang paningin ni Ryota na di umaalis mula sa kanya. Tumango lang siya sa kanyang tiya at sabay na silang lumabas ng binata.

Nakangiting napasunod lang ng tingin naman si Andrea.

“I-I think this is not the way to the hotel.”

Saad pa ng dalaga nang mapunang ibang daan ang binaybay ng binatang nagmamaneho.

“I’m sorry. Pero gusto ko pa sanang dumaan sa bahay dahil may nakalimutan lang ako.”

Hindi na lang kumibo si Eddie.

Nang dumating sila sa maganda at malaking bahay nina Ryota ay tahimik pa rin siya. Pinagbuxan siya nito ng pinto ng kotse kaya nagtataka siya rito.

“Pwede ba kitang isama sa loob?”

“No. I’ll be fine here.” Tahimik na aniya sa lalake.

“Paano ba kita maipakikilala sa mama ko kung ayaw mong sumama sa akin sa loob? Ah, OK. Palalabasin ko na lang siya rito.”

Biglang nataranta si Eddie sa sinabi nito.

Napagtanto niyang di pala totoong may nakalimutan ang lalake kaya sila nagpunta sa bahay nito. Ang totoong dahilan ay ang gusto nitong ipakilala siya sa ina nito.

“A-ano? B-baket mo naman gagawin yan?”

“Dahil gusto ko.” Anito.

Ngunit di pa rin gumagalaw ang dalagang napatingin sa paligid na tila ba may lalabas na halimaw at kakainin siya nang buhay.

“Halika na nga. Baka nga mali-late na tayo nito, eh.”

Ngumising anang Ryota na inilahad ang kamay.

Tinapunan ng dalaga ng naiinis na tingin ang lalake at mag-isang bumaba ng kotse.

Tumabi naman ang binata upang makadaan siya. Sinubukan na lang ng binatang itago ang naaalih na ngiti.

Pagkababa ng dalaga ay nakita nito ang isang Japanese garden. May mga bato at sands, saka may wooden garden paths mula sa swimming pool hanggang sa porch at may isang pavilion sa isang far side ng swimming pool.

Napahanga siya sa ganda ng Japanese garden nina Ryota. Feeling niya ay nasa Japan siya sa atmosphere ng compound ng pamilya ng binata.

"*Hahawe dokko?*" tanong ni Ryota sa mayordomo na sumalubong sa kanila sa may malaking tarangkahan, kung saan ang kanyang ina.

"Nasa theater room n'yo po." Anitong yumuko pagkatapos.

Japanese style ang kwartong pinasukan nila. Papel na pintuan at may mga wall papers sa dingding. Nang maisara na ni Ryota ang pinto ay napalingon ang ina nitong nanonood ng palabas sa malaking screen.

Tumayo ito nang makita sila.

"Ryota, *musuko.*" (Na ang ibig sabihin ay anak sa wikang Hapones.)

"*Hahawe*, isinama ko si Eddie dito katulad ng pangako ko sa inyo."

Seryosong sabi ni Ryota sa ina na bahagya pang napakamot sa batok.

Marunong din palang mahiya ang lalakeng ito, naisipan pa ni Eddie.

Napatingin siya sa ina nito na halatang napaka-Haponesa. Kaya pala tsinito ang mga mata ni Ryota ay dahil sa ina nito.

Nakasuot ng typical Japanese kimono ang ina nito na usually nakikita lang ng dalaga sa mga Japanese movies sa Cable TV. Di naman ito awkward tignan dahil napakaganda nitong tignan sa suot nito.

“Good evening po.” Nasabi na lang niyang may bahagyang yuko sa babae.

“*Konban wa.* I heard some things about you, Eddie. I am so *grad* that you are my son’s... *musuko*... partner.” Anitong umabot pa upang hawakan ang kanyang mga kamay.

Sinulyapan na lang ng dalaga ang lalakeng halos di na makatingin sa kanya dahil sa hiya at guilt nito. Saka ngumiti na lang siya ng matipid sa ina nito.

“My name is Areru. You can *cor* me *Oba* Areru. Aunt Areru.”

“Thank you.” Naitugon na lang niya.

“Ah, *hahawe*. Aalis na kami dahil medyo late na po kami, eh.” Biglang sabad na lang ni Ryota.

Napatingin si Areru sa anak na nakangiti at tumango.

“OK. But I want to talk to her again, *musuko*. You did not bring any of your woman here to show and meet me.”

Napangiting umiling na lang si Ryota sa ina.

At tila naiskandalo naman si Eddie sa kanyang narinig. Bigla tuloy siyang pinamulahan at di tinignan ang lalake.

“Come on, let’s go, Eddie.”

Biglang hinawakan ng lalake ang kanyang kamay, na inagaw nito mula sa ina.

“Come again, Eddie. *Pris.*”

Ngumiti lang siya. Hindi siya tumango o umiling.

Nang lulan na naman sila sa kotse ay di niya kinikibo ang binatang kasama.

“I’m sorry about that. Naikwento kase kita sa *hahawe* ko kaya gusto ka niyang makilala. Wala naman akong maisip na ibang pagkakataon kundi ito lang. Kaya isinama na ita sa bahay kahit di mo pa alam.

Tsaka, naisip ko naman kung nalaman mo pa yun, baka ayaw mong sumama. Sorry talaga.” Mahabang paliwanag pa ng binata na sinulyapan siya sa passenger seat.

“I don’t know what your scheme is. Pero ayokong pinaglalaruan ako. And if you enjoy playing games at my expense, I don’t want to see you again after this night is over.”

Hindi nakaimik ang binata. Hanggang sa dumating na sa hotel kung saan ang venue ng party.

Sila ang pinakahuling dumating at napsentro sa kanila ang atensyon ng lahat. Ngunit di nila pinuna ang atensyong iyon.

Lumapit sila sa table kung saan naroroon na sina Olif at ang partner nila sa gabing iyon.

“Hi, Eddie.” Kuros na bati nina Olif at Anton.

Samantalang napatingin naman kay Eddie si Krissy.

“It’s good to see you again, Eddielyn.” Sabi pa ng babae na may malisyosang ngiti.

“Hi, Krissy.”

Tahimik na tugon ng dalaga rito pero dedma pa rin ang ekspresyon ng kanyang mukha, habang pinapaupo siya ni Ryota.

“Sorry we’re late.” Sabi pa ni Ryota nang makaupo na.

“No problem.” Anang Olif na ngumisi.

“So, Ryota wala na pala kayo ni Lilian?” tanong ni Krissy at saka sinulyapan si Eddie na tahimik tinignan sina Olif at Anton.

Pinilit ng binata na itago ang kanyang nararamdamang inis sa babae. Ninakawan naman niya ng sulyap si Eddie na tila walang naririnig. Pero batid niyang nakikinig naman ang dalaga, o ang lahat na nasa mesang iyon.

“We had nothing to do with each other, Krissy. You knew that.”

“Oh I thought there was! Magagandang bagay kase ang naikwento sa akin ni Lilian tungkol sa inyong dalawa.”

Hindi na kumibo si Ryota na nagtiim-bagang. Napansin iyon nina Olif at Anton kaya nagsalita na lang si Anton para matigil ang gf.

“Krissy, you’re being nosy. Wag mo ng pakialaman ang buhay ni Ryota. O ang buhay ni Lilian kahit bestfriend mo siya. And besides, we’re here to enjoy tonight, right?”

“I’m sorry, Ryota.” Nasabi na lang ni Krissy ngunit bahagya lang na tumango ang binata.

Tahimik na lang silang kumakain habang pinapanood ang ilang presentation ng kapwa nila estudyante.

Nang mag-umpisa na ang sayawan para sa lahat ay nakipagsayaw na sina Olif at ang partner niya, si Anton at Krissy, kasama ang iba pa nilang mga kakilala. Tanging naiwan sa table sina Ryota at Eddie.

“I really want to say sorry sa ginawa ko kanina, Eddie.” Bungad pa ng binata nang seryoso.

Tinignan ng dalaga ang mukha ng lalake. Mukha namang totoo ang sinasabi nito. Kaya kumibit siya habang kuros ang mga braso sa dibdib.

“Di ko lang alam kung baket ang bastos ng dating mo sa akin. Not to mention, you seem to be a clown at times. And I don’t like that in a man.”

Napalunok si Ryota. Saka nagsalubong ang dalawang kilay niya na nakatitig sa dalaga.

“I want to change the impression I gave you if you just give me a chance, Eddie.”

“A chance? Baket pa? I have no intention of prolonging our acquaintance. Your life had been better when I was not in it, I’m sure. And the same applies to me.” Turan ng dalaga.

“You may be right. It’s true that my life was better when I had not met you. But now, everything’s changed. At ikaw ang dahilan nito, Eddie.”

Umiwas ng tingin si Eddie. Bigla siyang di mapakali sa sinasabi ng lalake. Totoo man ito o hindi. Sumundot ang mga salita nito sa bahaging rehiyon ng kanyang dibdib – sa kanyang puso.

“Gusto ko ng umuwi.”

Tinititigan pa rin ng binata ang dalaga bago siya tumango at dahan-dahang tumayo upang ihatid na ito pauwi.

Chapter 6

Ilang oras ng nakahiga ang dalaga sa kanyang kama. Ngunit di pa rin siya makatulog. Kaninang inihatid siya ng binata ay di man lang niya tinugon ang paggoodnight nito sa kanya.

Agad lang siyang tumalikod at pumasok sa bahay. Naghintay sa kanya si Andrea ngunit nag-excuse siya na pagod kaya hinayaan naman siya ng tiyahin.

“See you in the morning, tita.” Ang sinabi pa niya nang pumanhik sa hagdanan.

Madaling araw na siyang nakatulog. Dahil weekend naman ay hanggang midday ay nakatulog siya. Pinadalhan na lang siya ng almusal sa kanyang kwarto. Kaya paggising niya ay naka-ready na ang pagkain niya.

Naligo muna siya bago nagbihis. Pagkatapos ay kumatok ang kanyang tiyahin sa kwarto at pinapasok niya ito. Umupo siya sa kama at kumakain.

“Salamat sa pagpaakyat n’yo ng pagkain ko, tita. Di na sana kayo nag-abalang ipaakyat ang pagkain ko.”

“Naisip ko lang na baka pagod ka pa dahil sa event na pinuntahan mo kagabi. So, did you enjoy your night?”

“OK lang po, tita.” Nasa pagkain naman ang tingin niya.

“Is something wrong, Eddie?” tanong ng tiyahing tumabi sa pag-upo sa kanyang kama.

“No, tita.”

“Well, that’s fine. Gusto ko sanang isama kita sa shopping mamaya. Matagal na rin kase akong di nakapag-shopping. How long is it? Mga three years?” nakangiting sabi ni Andrea.

Napangiti naman ang dalaga.

“Tita, if you don’t mind, may research paper pa kase akong tatapusin.”

“Ah, research paper? Madali lang yan. Everything you need is in the library downstairs! Kaya dapat na samahan mo ako sa rendezvous ko ngayon!”

Walang nagawa si Eddie. Sinamahan na lang nya ang kanyang tiyahin sa iba’t ibang deparment stores. At tila nasurpresa pa siya sa kanyang nararamdaman ngayon. Nag-i-enjoy siyang nakasama si Andrea sa pamimili ng mga damit nito. At binilhan na rin siya nito ng iba’t ibang mga damit – at hindi kulay itim.

Pumili na ang tiyahin niya ng maisusuot nila sa birthday party nito.

“Oras na para itabi mo na ang mga damit mong itim, Eddie. Tama lang na ang damit ay siya ng magsasabing pinapakawalan mo na si Stefano. Na tinanggap mo na ang katotohanang wala na siya dito kasama mo.”

Ngumiti nang malungkot si Eddie.

“Siguro tama kayo, tita. Kaya lang ayokong magsuot agad ng mga may kulay. Naisipan ko lang na... gray muna ang isusuot ko bago ang ibang kulay.”

Napasimangot si Andrea sa pamangkin.

“Eddie, this is too much! You should have done that a long time ago. You’re far past the mourning stage!”

Napalunok si Eddie. Saka tumango.

“I know, tita. Kaya lang ito ang gusto ko.”

“Ah, so gusto mo lang pala ito?”

“No, tita. You know what I mean.”

Napabuntong-hininga si Andrea.

“Pero dapat madali na lang iyon para tuluyan mo na talagang makalimutan si Stefano, Eddie. You can’t go on like this forever. You should realize that.”

“I do, tita.” Tahimik na tugon ng dalaga.

Saka bigla niyang naaalala si Ryota. Naging masahol lang kaya ang pakikitungo niya sa lalake? Or defensive lang siya?

Napasimangot naman siya dahil sa isiping iyon. Baket parang may caring na siyang nararamdaman para sa lalake?

“Wow! Isa itong surpresa, Eddie!” halos tumitiling anang Rina nang magkita sila sa isa pang department store.

“Rina! Sinong kasama mo rito?” nakangiting aniya sa kaibigan.

“Si James. Pero may dinaanan pa siya sa may second floor. At dito na siya susunod sa akin. Hayy, Eddie natutuwa akong makita ka at kasama mo pa si tita Andrea. Hi, tita.”

Nagbeso-beso sina Rina at Andrea.

“Hi, Rina. Di ako makapaniwalang napakaganda mo na ngayon. Matagal na rin kitang di nakikita. Pero natutuwa ako at magkaklase kayong dalawa ni Eddie ngayon.”

“Opo, tita.”

Habang namimili ng damit si Andrea ay pabulong namang nagtatanong si Rina kay Eddie tungkol sa party.

“So, anong nangyari kagabi?”

“Wala.” Umismid na tugon ni Eddie habang patingin-tingin ng mga skirts.

“Ow? Paano si Ryota? Naging gentleman ba siya?”

“Hmm... iisipin ko pa kung gentleman ang tawag sa lalakeng halos sapilitan akong isinama sa bahay nila para ipakilala sa ina niya. OK?”

Napamaang si Rina sa kanyang narinig. At napakurap-kurap.

“Talaga? A-at anong nangyari nang ma-meet mo ang ina niya? Dinig ko, Haponesa ang mama niya.”

“OK lang naman siya. Mukhang mabait at sinabihan pa akong pwede ko siyang tawaging... ano ba yung sabi niya? Ahm... ah! *Oba Areru*. Meaning, Aunt Areru.”

Nagniningning bigla ang mga mata ni Rina.

“Talaga? Then, baka totohanan na yang kay Ryota sa yo, Eddie. Di ba?”

“I don’t mean to be rude by throwing words back at your face. Pero di ba ikaw naman ang maysabi na playboy siya? Isa pa, ikaw pa nga ang may ayaw sa kanya. Kaya baket parang bumaliktad yata ang hangin ngayon?” sumbat pa niyang tiningnan si Rina.

Biglang napaismid si Rina at umiwas ng tingin.

“Tama, sinabi ko nga ang mga iyon. Pero naniniwala kase akong kapag ipinakikilala ng lalake ang isang babae sa kanyang ina, may ibig sabihin yon.”

“Ah, don’t tell me anything about what it means, Rina. Please.”

Umiiling na aniya sa kaibigan at ibinalik sa mga skirts ang pansin.

“Hayy, Eddie. Baka defensive o evasive ka lang or something. Isa pa, kung gustong magbago ng isang tao... pwede naman, di ba? Tsaka, it is for the better naman sa tingin ko. Kaya baket di mo na lang kaya bigyan ng pagkakataon si Ryota?”

“I’m not listening to you, Rina.” Parang kinanta ng dalaga ang kanyang sagot sa kaibigan.

Napabuntong-hininga si Rina.

“Fine. Pero wag mo akong sisihin kung magkatotoo ang mga pinagsasabi ko. Dahil sinabi ko na sa yo. Dapat ma-realize mo yan at aminin mo dapat ang tunay mong

nararamdaman. Besides, your life had been exciting since you met him. You should admit that at least!”

Nakasimangot na tinignang muli ni Eddie ang kaibigan at saka kumibit lang siya ng balikat.

“Hmp! Kunwari ka pa, eh. Aminin mo na kase. Masaya na ang life natin ngayon dahil kay Ryota!”

“Hi, Eddie!” sabi ni James nang dumating ito at di na nagkaroon ng time pa si Eddie na sumagot sa kaibigan.

Ngumiti na lang ang dalaga sa bf ng kanyang kaibigan saka pinandilatan si Rina pagkatapos.

Kulay gray na damit ang suot ng dalaga nang pumasok sa university sa araw ng Lunes. Nasa kanya na naman ang atensyon ng lahat ng mga estudyante nang makita siya.

Nagbubulong-bulungan ang ilan sa mga ito. Ang ilan ay napangiti sa kanya. Naisip tuloy ng dalaga na baka alam na ng buong university ang tungkol sa kanyang pagluluksa at ang pagbabago niya ngayon ay may duda silang dahil kay Ryota.

Nakita niya si Ryota, ang pinsan nito at ang kaibigan sa isang bench na tila may pinag-uusapan. Ngunit dinaanan niya lang ang mga ito na para bang walang nakikita.

“Eddie, hintay!” narinig na lang niyang tinig ni Rina.

Huminto siya ng saglit at sabay na silang naglalakad patungo sa kanilang klase.

“O, ba’t di mo hinarang si Eddie?” tanong pa ni Anton habang si Ryota ay napasunod ng tigin kay Eddie at Rina.

“Sinabi niya sa akin sa party na ayaw na niya akong makita, eh.” Malungkot na tugon ng lalake.

“Pooh!” ani Anton na di makapaniwala.

Biglang tumawa naman si Olif at tinapik sa balikat ang pinsan.

“Dahil siguro sa ginawa mong pagpakilala sa kanya kay *Oba* Areru. Paano ba yan?”

“Hindi ko nga alam, eh.”

Nagkasalubong ang dalawang kilay ng binata at di pinapansin ang mga babaeng bumabati sa kanya.

“Alam mo, kelangan mo ng tulong, eh.” Suhestiyon pa ni Olif. “Huwag ka na kaseng umarte nang nag-iisa. Lagi mo ng solo ang mga babae. Pero iba na itong isang ‘to. At ikaw ang maysabi pa niyan.”

“Hayaan mo na lang kaya kami ni Olif na ilakad ka, Ryota. Bawat taong pwede nating gamitin para mapalapit sa yo si Eddie, gagamitin natin.” Dagdag naman ni Anton.

“At alam n’yo ba kung sino o sinu-sino?” Walang interes na aniya sa mga ito.

“Well, research muna tayo. OK?” ngising tugon ni Olif.

“Don’t worry. Babak-apan ka namin ni Olif kahit anong mangyari. Kase nakikita na naming gustong-gusto mo siya talaga. So, what are friends for?”

“Tama. Kaya lang, medyo may problema tayo, eh.” Sabi ni Olif.

“Ano pa bang problema natin?” tanong niya sa pinsan.

“Malaki ang pagkagusto sa yo ni Lilian. Baka magiging hadlang lang siya sa plano natin.”

Napasimangot naman si Anton.

“Alam ni Krissy na may fling ka kay Lilian. At si Lilian, parang desididong hindi yon magtatapos kaagad. So, we need to settle with Lilian first before anything else. Para smooth-sailing na tayo, di ba?”

“Pero... may napapansin ba kayong kakaiba kay Eddie ngayon?” puna pa ni Olif na nagkasalubong ang dalawang kilay.

“Hmm... tama. Suot niya.” Tumangong tugon ni Anton.

“Kulay gray yata yun. Yun kung di faded black ang suot niya.” Napangising anang Olif.

Napasimangot naman si Ryota na nakatingin sa pinsan.

“Maganda na rin ang naging desisyon mo,” turan pa ni Rina na napatingin sa suot na bestidang kulay gray ni Eddie nang kumakain sila ng pananghalian sa araw ding iyon. “It’s really high-time to let go of Stefano’s memories. Isa pa, wala na tayong magagawa pa sa pagkawala niya, di ba?”

Napatitig si Eddie sa kaibigan nang tahimik lamang.

Habang patingin-tingin sa kanilang direksyon ang mga kapwa estudyante. Dahil sa suot ng dalagang nagluluksa.

“Siyanga pala, di ko napansing aali-aligid si Ryota ngayon. Nagbago na kaya ang isip niya tungkol sa yo? O kaya’y...”

“Huwag na natin siyang pag-usapan, Rina. OK lang ba?” ibinalik na ni Eddie ang pansin sa kanyang pagkain.

Kumibit naman si Rina.

“Di ko lang kasemaintindihana ng ibang babae diyan. Dahil nung ipinakilala ako ni James sa mga magulang niya, at proud siya... napakasarap ng feeling ko. Alam mo yon?”

Napabuntong-hininga si Eddie na tinarayan ng tingin si Rina.

“Hindi sa bumaliktad na nga ako. Pero... boto pa rin akong pagbigyan ng isang pagkakataon ang isang tao sa isang bagay na seryoso naman siyang gawin ito o pasukan ito.”

“If you’re implying that I have to give that fraud a chance, Rina you might as well think about it all over again.” Tahimik na tugon niya.

Chapter 7

Nasurpresa pa si Eddie na matuklasan sa kanyang sarili na di na at least once a week siyang dumadalaw sa puntod ng namayapang nobyo. Pero di naman siya guilty.

Napatingin siya sa langit nang mailagay ang pumpon ng mga bulaklak sa tabi ng lapida. Napakagat-labi siya at napahugot ng hininga. At saka ibinaba niyang muli ang kanyang paningin nang makita si Suzanne na katatabi lamang sa kanya.

Yumukod ito upang ilagay ang bulaklak sa isa pang tabi ng lapida ng kapatid. Saglit lang silang nagkatitigan na dalawa. At kanya-kanya na silang nanalangin.

Pagkatapos ng ilang minutong katahimikan at naghihintay ang isa't isa kung sino ang maunang magsalita sa kanila.

Umigham si Suzanne at ngumiti kay Eddie.

"At least you're not wearing black anymore." Bungad pa ni Suzanne na sinulyapan nang saglit ang kanyang suot.

Napatingin naman si Eddie sa kulay blue jeans nito at sa blusang halos kapareho nito ng kulay.

Bahagya siyang tumango kay Suzanne.

"Isn't it ironic na nagluluksa ka pa hanggang ngayon at ako na kapatid niya ay hindi na? I mean, at least sa damit natin pagbabasehan."

"Anong ibig mong sabihin, Suzanne?"

“Nagluluksa pa rin ang pamilya namin sa pagkawala ni Stefano, Eddie. Pero di dapat na ikaw ay magluluksa ng habambuhay dahil sa kanya.”

Napaiwas ng tingin si Eddie. Di siya nakakibo.

“I felt very guilty until now, you know? Nag-away kami ni Stefano bago siya namatay. Di man lang kami nagkabati bago siya nawala. Alam mo yun?”

Napamaang si Eddie sa kanyang narinig. Ngayon lang talaga nila napag-usapang dalawa ang tungkol sa kapatid nito pagkatapos ng mahigit dalawang taon.

“A-ano bang napag-awayan n’yo noon?”

“It’s better you don’t know about it. Dahil kung malalaman mo, siguro ay di ka nagluluksa sa pagkamatay niya. Pero ayoko namang kamumuhian mo siya kahit kahalo na ng lupa ang katawan niya ngayon.”

Napalunok si Suzanne at napakurap-kurap upang pigilan ang isang emosyong ayaw nitong makita ni Eddie.

“Hindi kita maintindihan.”

Reklamo pa ni Eddie na umiling-iling habang hinawakan sa braso si Suzanne.

“Panahon na para di ka na magluluksa, Eddie. Pakawalan mo na si Stefano mula sa puso’t isipan mo. Kelangan mo ng isang taong tunay na magmamay-ari ng puso’t isipan mo. Matagal ko na sana itong gustong sabihin sa yo. Pero di ko nagawa. Sana mapatawad mo ako.”

“You’re talking in riddles, Suzanne.”

“Nabalitaan kong may naghahabol sa yo sa bagong university na pinapasukan mo. Kilala ko ang pinsan niya. Kaibigan ko. Kapatid siya ni Olif. Si Leeyan. At sabi niya, gusto ka raw ni Ryota.”

Napabawi ng kanyang kamay si Eddie at umiwas na naman siya ng tingin mula kay Suzanne. Nakita niya ang dalawa o tatlong katao na kani-kanyang dumadalaw rin sa kanilang mahal sa buhay. At napalunok naman siya.

“Sinabi sa akin lahat ni Leeyan. Di mo raw pinapansin ang pinsan niya. Siguro ay dahil kay Stefano. Di ba?”

“Hindi totoo yan. Gusto ko lang makatapos ng pag-aaral na walang humahadlang dito.” Ang tugon niyang halos walang emosyon.

“Well, anuman ang rason ng pag-ayaw mo, gusto ko lang iparating sa yong hindi magagalit sa yo si Stefano kung makapagdesisyon kang magmahal ng iba. After all, you deserve someone better than my brother. Maniwala ka, Eddie.”

“Baket mo ako parang ipinagtutulakan sa taong yun?”

“Hindi kita ipinagtutulakan sa kanya. Sinasabi ko lang ang nararapat mo ng gawin. Ang nararapat mo na sanang ginawa noon pa.”

“Ang palitan si Stefano ng ibang lalake sa puso at isipan ko? Suzanne, ako ang may katawan. Di ako pwedeng diktahan na lang ng kung sinuman. I’d do what I think is right. I’d do what I think I should do. Dapat alam mo yan.”

“Of course! Pero sinabi ko na sa yong hindi na deserving ang kapatid ko sa pagmamahal mo. Naintindihan mo ba? Patay na si Stefano! Wala na siya! Kung minahal ka man niya noon, wala na siya ngayon. At wala na ang pagmamahal na yun ngayon!”

Nagsusukatan ng tingin ang dalawang dalaga. Saka marahang tumango si Eddie at napaluha.

“I’m sorry, Eddie. I know you were hurt. But you deserve to be happy. Nung gabing nag-away kami ni Stefano...”

“Ipagpatuloy mo, Suzanne. I want to know something that you are trying to hide from me.”

“Pero naipangako kong di ko yun sasabihin sa yo, Eddie.” Napaluha na rin si Suzanne.

“Don’t I deserve to hear it? Ikaw na rin ang maysabing pakawalan ko na siya. Kaya sabihin mo sa akin, please...” pakiusap pa niya.

Napatango na lamang si Suzanne at nag-umpisang magkwento.

“May natanggap akong tawag mula sa Baguio that night, some hours before the accident. Pagdating ni Stefano sa bahay, sinumbatan ko na siya kaagad. Nanganak si Beth sa anak nila. Anak nila ni Stefano. You should know, di ko talaga kuya si Stefano. He was just my step-brother. Pero inisip ko talagang kuya siya mula noong walong taon ako. At si Beth, siya ang pinsan ko na nakatira sa Baguio. Nagkakilala sila even before you met him at the university.”

Sa bawat salitang namutawi mula kay Suzanne ay tila mga kutsilyong tumusok sa puso ni Eddie. Umiiyak man siya ay tila natutuyuan naman siya ng mga luha.

“Oo, sila pa rin hanggang sa mamatay si Stefano sa aksidente. Di mo lang napansin si Beth sa burol at sa libing dahil alam niya ang tungkol sa inyong dalawa ni Stefano. Pero dahil mahal na mahal niya si Stefano, wala siyang anumang isinumbat dito. At di ka rin niya sinubukang pakiusapan din lang. It was so pathetic of my brother, you know? Pero, ganon talaga siya.” Pinahiran ni Suzanne ang sariling mga luha at napatingin nang deretso kay Eddie na tila wala ng nakikita sa kanyang paligid kundi ang mukha ng taksil niyang nobyo.

“But I didn’t know you were far more important to him than Beth was to his life. Ikaw ang pinangakuan niya ng kasal. At hindi si Beth. Pero batid niyang magkakaanak na sila ni Beth. Kaya nagpunta siya ng Baguio para pakiusapan si Beth once and for all na wag ka niyang lalapitan kahit kelan at magpakilala sa yo. O ang anak nila. Pero di siya umabot sa Baguio. It was an ill fate. Don’t you think? Or was it just that life is sometimes ironic?” Napangisi nang mapakla si Suzanne.

Ngunit di kumibo si Eddie.

“Stefano only cared about you, Eddie. But he deceived you. Pero kahit sa nalaman mong ito ngayon tungkol sa kanya, ayokong... ayaw namin ni Beth na magagalit ka sa kanya. He just had his unique ways, you know...”

“I... don’t... feel... anything... right now...” mahinahong putol ng dalaga ng pabulong kay Suzanne.

Guilty naman si Suzanne na napatingin sa puntod ng kapatid. Saka napalunok at tumango.

“P-pwede mo ba akong ihatid sa amin?” mahinang tanong ni Eddie kay Suzanne.

“S-sure. Andyan naman ang driver ko. Kaya, walang problema.”

Kumibit na tugon pa ni Suzanne at inalalayan na si Eddie na magtungo sa kotse niya.

“Tita, pasensya na. Di kase maganda ang pakiramdam ni Eddie,” sabi pa ni Suzanne nang dumating sa bahay nina Eddie.

Napamaang naman si Andrea nang makita si Suzanne na umalalay sa pamangking tila tulala. Pinapasok na nila sa kwarto si Eddie at pinapagpahinga. Nagkausap ng saglit sina Andrea at Suzanne tungkol sa nangyari pero di naman sinabi ni Suzanne ang tunay na dahilan.

Samantalang blangko ang isipan ni Eddie. Manhid ang kanyang damdamin. Di siya nasaktan sa mga sinabi ni Suzanne sa kanya. Pero totoong di niya mawari kung anong nararamdaman niya ukol dito. At saka bigla niyang naisip ang mga matatamis na ngiti ni Stefano sa kanya noon. Ngunit biglang umiba ang itsura nito... hindi na si Stefano ang nakikita niyang nakangiti. Kundi si Ryota...

“Ano ba talagang nangyari sa kanya, tita Andrea?” pabulong na tanong ni Rina na dumalaw sa absent na si Eddie.

Nasa kwarto ang dalaga at di pumasok kaya nagpunta na ito sa bahay ng dalaga.

“Ewan ko lang. Pero nagkita sila ni Suzanne kahapon sa sementeryo dahil kapwa nila dinalaw ang puntod ni Stefano. Inihatid na nga lang siya ni Suzanne dito sa bahay kahapon dahil tulala siya.”

“Pwede ko kaya siyang kausapin?” nakasimangot na tanong ni Rina.

Kumibit naman si Andrea. Kaya pumanhik na si Rina patungo sa kwarto ng kaibigan. Di naman naka-lock ang pintuan nito kaya deretso na siyang pumasok.

Nakita ni Rina na nakahigang nakatagilid ang kaibigan. Nakita rin niyang di man lang nagalaw ang mga pagkaing nasa mesita. At pati tubig! Bigla siyang natataranta.

“Mula ba kahapon, di ka kumain o uminom man lang ng tubig?” bungad pa ni Rina na dahan-dahang umupo sa kama ni Eddie.

Napabuntong-hininga si Eddie at ngumiti nang matipid at pumihit upang harapin si Rina. Nag-aalala naman ang tingin ng kaibigan.

“Walang gana kase.”

“Eddie, baka magkakasakit ka. Tsaka, balita ko di ka nakapagbihis man lang. Kahapon pa yang suot mo.”

“Alam ko. Kaya mamaya babangon na ako at maliligo.”

“Baket di na lang kaya ngayon na? Alalang-alala si tita Andrea sa yo, ah. Alam mo ba? Kumain ka naman, Eddie. Tsaka, akala ko ba, seryoso kang ga-graduate sa

taong ito? Ba't nag-absent ka?" dahan-dahang saway pa ni Rina sa kanya na hinahaplos siya sa braso.

Bigla siyang bumangon at yumakap sa kaibigan na umiiyak.

"T-teka, ano ba talagang nangyayari sa yo, ha?"

"Ngayon ko na na-realize na di ko na pala mahal si Stefano. Mula nang lumipat na ako ng university. Mula nang napagdesisyunan kong kalimutan na siya, Rina."

Napatawa naman si Rina sa kanyang narinig. At mahigpit ring niyayakap si Eddie.

"So you'd let go, Eddie. So you had..."

Chapter 8

"I still feel guilty, Leeyan. Pero para naman akong nabunutan ng tinik nang masabi ko na sa kanya ang lahat." Turan pa ni Suzanne habang nag-uusap silang magkaibigan sa may pool ng huli.

"Well, anuman ang sekretong iyon na sinabi mo na rin sa wakas kay Eddielyn, I'm glad na nasabi mo na. In that way, natulungan mo siya at natulungan mo rin ang pinsan ko." Nakangising saad ni Leeyan.

"At ano ang naitulong niya sa akin?" biglang sabad ni Ryota mula sa kanilang likuran na magkaibigan, kasama sina Olif at Anton.

"Wag mo ng itanong. Ang importante, may pag-asa ka na sa Miss Black Woman na kinahuhumalingan mo ngayon!" nakatawang tugon ni Leeyan.

Nasurpresa naman si Ryota pero nakangiti siyang nakatingin kay Suzanne na nasa tabi ng pinsan.

"Kita mo, nagagamit rin natin si Leeyan." Bulong pa ni Anton kay Ryota.

"Shut up. Kapatid kong ginagamit natin para sa kasiyahan ni Ryota!" nakasimangot na anang Olif na binak-hand sa dibdib si Anton.

Napaubo na lang si Anton dahil doon.

"Kung natulungan mo man ako, salamat sa yo." Bahagyang yumuko si Ryota sa harapan ni Suzanne na sinsero ang ekspresyon.

Napangiti naman si Suzanne na tumango sa binata.

“Pero pwede mo ba akong bigyan ng mga tips para mapaamo ko na talaga si Eddie?”

“Huh, mahiya ka nga! Ang laki ng pabor na hinihingi mo sa kaibigan ko, ano?” taray pa ni Leeyan sa pinsan.

“Baket, di naman ikaw ang hinihingan ko, di ba?” kumindat pa si Ryota sa pinsan nang nakangiti.

Napataas ng kilay si Leeyan at napangiti na lamang.

“Ayokong magbigay sa yo ng tips na nagawa na ng kapatid ko.” Sabi pa ni Suzanne.

“Of course.” Biglang sumeryoso si Ryota.

Nagkatinginan naman sina Olif at Anton. Lingid sa kanilang kaalaman ay minura nang mahina ni Ryota ang pangalan ni Stefano.

“And what’s the idea of still wearing gray?” tanong pa ni Rina habang naglalakad sila sa pasilyo ng unibersidad kinabukasan.

“Wag kang mag-aalala. Isang buwan ko lang isusuot ang kulay na ito at babalik na ako sa dati.” Ang tugon pa ni Eddie.

“Anong dati? Which dati?” tarantang tanong ng kaibigan. “The black one? Oh, no!”

Napatawa si Eddie kaya napalingon sa kanya ang mga estudyanteng nakapaligid sa kanila at nakatagpo. Noon pa nakita ng mga ito na tumatawa ang nagluluksang Black Woman.

“Hindi, Rina. Babalik na ako sa pagiging normal na tao. I promise.”

“Wow, that’s a relief. Really!” napangiting anang Rina.

“Hi, Eddie!” bati pa ni Ryota at kasama sina Olif at Anton.

Parating ito ang kanilang direksyon. Kaya di makaiwas ang dalaga. Biglang nawala ang ngiti sa labi niya.

“Himala. Binati ka na niya yata ngayon,” bulong pa ni Rina.

“Huwag mo ng pansinin.” Patay-malisyang anya na tila walang naririnig na pagbati mula sa lalake. “Pupunta pa tayong library.”

“Oo nga pala.” Sabi pa ni Rina.

Sumunod naman ang grupo ni Ryota sa library. Halos matumba nito ang isang buong shelf, and worse, ang lahat ng shelves ng library nang parang domino, sa kasusunod nito kay Eddie. Buti na lang at napigilan nina Anton at Olif ang shelf at napatayo itong muli.

Nakita nilang umasim ang mukha ng librarian nang makita ang eksena. Kaya siniko ni Olif ang pinsan.

“Mag-iingat ka naman. Gusto mo bang iba-ban na tayo habang-buhay sa library na ito?”

“Sorry.”

Tanging saad ni Ryota na nakatingin pa rin kay Eddie na naghahanap ng librong kakailanganin sa research paper.

“Pooh!” anang Anton nang mabunggo ni Ryota ang isang estudyante at nalaglag ang mga aklat nito sa sahig na lumikha ng malakas na ingay.

“*Bakka-yero!*” Nasambit pa ni Olif sa wikang Hapones na ang ibig sabihin ay tanga o stupid.

Agad na tinulungan nina Anton at Olif ang nalaglagan ng mga libro. At napasenyas ng “teka” sa librarian na tumayo na mula sa mesa nito upang lapitan sila at palalayasin na mula sa library.

“Ryota, pwede bang hintayin na lang natin sila sa labas?” tanong pa ni Olif sa pinsan.

“Baket?” tanong nang pabulong ng parang inosenteng si Ryota.

“Dahil kulang na ay pipilipitin na ng librarian ang mga leeg natin at itapon tayo sa labas!” Pabulong na tugon ng pinsan.

Noon ay napatingin si Ryota sa librarian na galit na galit na nakatingin sa kanilang direksyon. Nginitian niya ito at tinanguan. Saka akmang lalapitan ito nang pigilan siya nina Olif at Anton.

“Saan ka pupunta?” tanong pa ng dalawa.

“Sa librarian. May sasabihin lang ako sa kanya na magugustuhan niya. Kahit magpupustahan pa tayo, eh.” Kumpiyansang sabi ng binata sa dalawa at nagapatuloy sa paglapit sa librarian.

Nanonood na lang ang dalawa mula sa kanilang kinatatayuan.

“Anong sinabi mo sa kanya?” tanong ni Olif pagkatapos.

“Magdo-donate ang pamilya natin ng mga bagong aklat dito sa library. Natutuwa siya talaga!” nakangisiing turan pa ni Ryota.

Napamaang si Olif. Napakurap naman si Anton.

“I-ilan ang sinabi mong ido-donate n’yo?” tanong ni Anton.

“At least a thousand different books.” Kumibit na anang Ryota.

Nagkatinginan sina Olif at Anton.

“*Oba Areru* might not like the idea.” Umiling na anang Olif.

“Or she will. Don’t worry.” Tapik pa ni Ryota sa balikat ng kanyang pinsan.

“*Bakka-yero!*” sambit ulit ni Olif.

“Ano kaya ang sinabi ng taong yun sa librarian at natutuwa pa ang istriktang librarian natin?”

Nagtatakang anang Rina habang hinahawakan ang aklat na kailangan ni Eddie papunta sa isang mesa.

“Nino?” wala sa sariling anang Eddie dahil nakasentro sa mga aklat ang kanyang atensyon nang napaupo at tinignan ang Index nito.

“Si Ryota, kinausap ang librarian natin at natutuwa ang librarian natin. Ayaw pa naman sana niya kay Ryota, eh. Kase aanga-anga kapag andito sa library. At nagbabadya ng lagim kapag narito.”

“Malay natin kung anong sinabi niya. Di naman natin narinig.”

Umismid na anang Eddie at binuklat ang page ng libro kung saan nahanap ang topic na kelangan.

“Oo nga, ano?”

Napasulyap si Eddie kay Rina nang nakangiti. At nagtataka si Rina rito.

“At anong ibig sabihin ng ngiting iyan?”

“Baket mo ba binabantayan ang Ryota na yan? Dapat tinutulungan mo ako sa research paper ko, di ba?”

“Hus, kaya mo na kaya yan? Sinamahan lang kita dito, ano?”

“Hayy, tapos mo na ba gawin ang sa yo?”

“Well, hindi pa. Pero balak ko ngang ikaw ang gagawa kase di ako marunong.”
Ngumingiting pa-sweet pa si Rina.

Saka napatingin sa kisame si Eddie na bumuntong-hininga.

“Sino bang gumawa ng basurahan sa kotse ko?”

Nakasimangot na anang Eddie nang makita ang pumpon ng mga bulaklak sa ibabaw ng bubong ng kanyang kotse.

“Manhid! Hindi yan ginawang basurahan. Para talaga yan sa yo, o. Tignan mo ang card. May pangalan mo.” Anang Rina na kinuha ang card at ibinigay sa kanya.

“*Aijoo no aru kotoba* (loving words) may not what you need. But I wanna say *I love you* with these flowers.” Nabasa pa ng dalaga mula sa card na kasama ng mga bulaklak.

Pagkabasa ay napatingin siya sa mga bulaklak na nasa kotse niya ngunit nakita niyang nasa tapat pala si Ryota na may matipid na ngiti at nakatingin sa kanya.

Napalunok si Eddie. Di niya maintindihan kung ano ang nararamdaman niya sa mga sandaling iyon.

Di niya napansing tinakpan ni Olif ang bibig ni Rina at hinila ito papalayo mula sa parking space. Naiwan na lang silang dalawa ni Ryota na nagkatinginan.

“Kami lang ito. Wag ka ng pumalag.” Bulong pa ni Olif kay Rina at tumango nang tahimik kaya kinuha na ni Olif ang kamay mula sa bibig ng dalaga.

“Ano ba kase itong ginagawa n’yo?” pabulong na tanong niya kay Anton.

“Shh...” sabi lang ni Anton.

“Wala akong panahon sa bagay na ito. OK? So, please get these flowers out of my sight and take this card along, too.”

Sabi pa ni Eddie kay Ryota na ibinalik ang card sa loob ng plastic at itinulak ito patungo sa binata na nasa kabilang banda ng kotse niya.

Dinilaan ng binata ang mga labi at napababa ng tingin.

“Hindi ko na binabawi ang naibigay ko na.” Sabi ng lalake.

“Huwag mo na lang isiping ibinigay mo sa akin, then you can have them back.”

Lohikal na aniya.

Umiling ang lalake.

“All the same, I knew I already gave these flowers to you. I can’t pretend that I didn’t.”

“Eh, di itatapon ko na lang ito sa basura.” Sabi pa niya at kinuha ang mga bulaklak upang maghanap ng trash can at itapon ang mga ito.

“Ikaw ang bahala. Sa yo na yan. At desisyon mo yan.”

Napalingon siya sa lalake. Napakaseryoso ng mukha nito. Tila di siya makapaniwalang sumuko na ang lalake. Pero di naman ito sumuko sa kanya. Kundi sa kanilang pagtatalo lang.

“Fine. Sa bahay ko na lang ito dadalhin at itatapon.” Napalunok na aniya at binuksan na ang kanyang kotse.

Inihagis pa niya sa passenger seat ang mga bulaklak kasama ang card nito.

Lumulan na siya sa kanyang kotse nang maaalala niya si Rina. Tumatakbo naman itong lumalapit sa kanya mula sa direksyon nina Olif at Anton.

Napasimangot ang dalaga kung baket doon galing si Rina.

“Rina?” tanong pa niya.

“Kinidnap nila ako pansamantala. Oops! Dito na ako sa backseat. May nagmamay-ari na pala, eh.” Anitong tinutukoy ang mga bulaklak.

Samantalang umatras lang na nakasunod ng tingin sa kanila si Ryota na nasa magkabilang bulsa ang mga kamay.

“Hindi ako makapaniwalang nagsisimula na si Ryota ng panliligaw niya sa yo.” Sabi pa ni Rina mula sa backseat.

“Huh!”

“Ano bang pinag-usapan ninyo?”

“Ewan ko sa kanya.”

“Baket parang malungkot ang mukha ni Ryota?”

“Malay.”

“At baket nasa upuan ko yata ang bulaklak niya na bigay sa yo? Ha? Ipaliwanag mo nga.”

“Itatapon ko pagdating sa bahay.”

“Ah! Talaga?” napangising anang Rina. “Itatapon, ha? Saan kaya? Sa basurahan ng kusina... o sa may sala... o sa kwarto mo?”

Hindi umimik ang dalagang tinatanong.

“Alam mo, iba ang love story n’yo ni Stefano. Nakalipas na yun. At ngayon, iba naman ang love story n’yo ni Ryota. At exciting ito! Di mo ba nahahalata?” may pamimitag ang tono ng boses ni Rina.

Pinipilit ni Eddie na wag ngumiti. Kaya kinagat niya ang kanyang labi. Pero tiningnan ni Rina ang kanyang natutuwang mga mata sa rear view mirror.

“Ewan ko lang ha? Pero baket feeling ko... may gusto ka na sa kanya pero pinipigilan mo lang? Tsaka, may dapat kang malaman na may hangganan din ang pasensya ng tao. In fact may hangganan ang lahat ng bagay.”

Biglang sumeryoso si Eddie. Natamaan talaga siya sa babala ng kaibigan niya. Nagkasalubong ang kanilang mga tingin sa rear view mirror.

“Aminado na akong may nararamdaman ako para sa kanya.”

Sabi pa niya habang kumakain sila sa labas na magkaibigan. Hinihintay nilang dumating si James upang sunduin si Rina sa kanilang date.

“Sabi ko na nga ba, eh. Pero ba’t di mo nga yun ipakita sa kanya? Nakikita ko namang seryoso na siya sa yo. I mean, seryoso na siya sa isang babae ngayon. Mula nang nagpapalipad-hangin pa lang siya sa yo, di ko na siya nakikitang may kasamang iba sa campus. Dahil dapat malaman mong walang palya yang may kasamang iba’t ibang babae. At very sweet pa siya, to boot!”

Napababa ng tingin si Eddie sa kanyang pagkain na halos di niya nagagalaw dahil sa kanilang usapan. Gayundin naman ang pagkain ni Rina sa plato nito.

“N-naisipan ko lang kaseng pahihintayin ko pa siyang mga ilang linggo. Siguro... hanggang sa birthday ni tita Andrea. Naisip ko na kaseng imbitahan siya doon. Gusto rin naman kase ni tita Andrea yon.”

Napamaang si Rina.

“That’s absurd! Paano kung iisipin na niyang wala na talaga siyang pag-asa? Not unless sasabihin mo yan sa kanya. Then you’d be safe thinking that he could wait until then.”

“Rina, you don’t get my idea.” Debate pa niya sa kaibigan.

“And what’s that supposed to mean? Ano pa bang ideya ang iniisip mo, ha?”

“Na kaya niyang maghintay sa akin. Kung talagang mahal niya ako, hihintayin niya kung hanggang kelan ako handa nang makipagrelasyon sa kanya.”

“That’s your idea?” mapaklang nakatawa si Rina sa sinabi niya.

Nakasimangot naman siyang tumatango.

“I guess you’re just being naïve, my friend.” Umiiling na sabi ni Rina sa kanya nang deretsahan.

“B-baket? Mali bang iniisip ko?”

“Of course, nandoon na ako sa logic mo. Sa... belief mo, if we rather say it is... pero iba ang iniisip ng lalake sa babae. You see, nang niligawan ako ni James, inilahad ni James sa akin na kung pinaghintay ko pa siya ng mas matagal pa ng isa o dalawang buwan, bibigay na sana siya. Di na niya ako hahabulin. But you’re so lucky that Ryota’s been chasing you for almost the whole semester now!”

“I think you’re just exaggerating.” Umiling na sabi pa ni Eddie na ayaw maniwala.

“Look, Stefano was different. Ryota’s different, too. Di ba? Dapat alam mo yan kahit noon pa man.”

“Of course.” Mahinang aniya.

“So, baket patatagalin mo pa ang paghihirap ni Ryota? Dahil sigurado akong magiging masaya ka na rin kung sasagutin mo na ang taong who turns your world upside down!”

Napatingin si Eddie sa kanyang kaibigan.

“Hi!” bati pa ni James sa kanilang magkaibigan at hinalikan nito si Rina, bago pa man makapagsalita si Eddie na sumasang-ayon na siya sa kaibigan. “Sorry, natagalan ako.”

“OK lang.” Sabi pa ni Rina sa nobyo nang nakangiti.

Chapter 9

“O, ba’t di mo babatiin si Ryota?” bulong pa ni Rina nang makita nilang parating na naman sa kanilang direksyon ang grupo ng binata.

“A-ayoko ngang mauna, ano?” nakasimangot na aniya na biglang natataranta.

“Hayy, ikaw talaga.”

“Hi, Eddie.” Nakangiti nang matipid na bati pa ni Ryota sa kanya at huminto ito sa harap nilang magkaibigan.

“Hi, Ryota.” Sagot pa ni Rina para sa kaibigan na ninerbyos.

Mukhang kabado si Eddie. Pero di naman yon nahahalata ng binata. Tanging si Rina lang ang may alam nito.

“Salamat nga pala sa mga bulaklak na inilagay mo sa pinto ng locker ni Eddie. Pasensya ka na. Kase... parang may ibang bagay pa siyang iniisip ngayon. Chapter test na naman kase namin, eh.” Paliwanag pa ni Rina sa binata.

Dinilaan ni Ryota ang labi at tumango habang nakatingin pa rin ay Eddie. Saka ngumingiti nang matamis ang dalaga.

“Good luck sa chapter test n’yo, Eddie.”

“S-salamat.” Tanging nausal ng dalaga, na mahina.

“Sige, papasok na rin kami sa klase namin.” Paalam pa ng binata na kumukumpas. At paatras na naglalakad.

Nabangga nio ang isang estudyante. Muntik na itong bumagsak kung di lang nahawakan nina Olif at Anton. Napahiya man ay nakangiti pa rin si Ryota kay Eddie na nagpipigil na wag mapatawa sa katangahan ng lalake.

“Kita mo na? Naging anga-anga na siya dahil sa yo. Dati, di yan ganyan, eh.”

Napangiti si Eddie sa kanyang kaibigan.

“O, misteryosa na yata ang ngiting yan, ah.” Puna pa ni Rina.

“Should I have to explain to you everything, Rina?” nakataas man ang kilay ay nakangiti naman sa kaibigan.

Napangiting napaismid naman si Rina na nakatingin din sa kanya. Saka kumibit ito ng balikat.

“So, nagbago na ba ang isip mo tungkol sa invitation?” tanong pa ni Rina habang namamasyal silang dalawa sa mall.

“Invitation sa ano?” tanong pa ni Eddie habang inaamoy ang pabangong pinipili.

“Well, iimbitahin mo na ba si Ryota sa birthday party ni tita Andrea mo?”

“Hmm, oo. Bibigyan ko siya ng invitation. Gusto rin naman kase ni tita Andrea na pumunta rin siya doon, di ba?” tumangong aniya at ibinigay sa salesgirl ang gusto niyang pabango upang bilhin ito.

“Wow, that’s great. Sa wakas, magiging maganda na rin ang lovelife ng bestfriend ko.” Masayang saad ni Rina.

“Sana nga naman.” Mahinang ani Eddie sa sarili.

“May nagpadala sa yo niyan, Eddie.” Sabi pa ni Andrea sa pamangkin nang dumating ang dalaga mula sa university isang gabi.

“Ano po yan, tita? Sinong nagpadala niyan?” aniyang inabot ang isang kahon.

“Malay ko. Ipinadala lang yan sa isang messenger kanina.”

Binuksan ng dalaga ang kahon. Nakita niya ang heart-shape na malaking chocolate. Saka nakita niya ang kanyang pangalan na nakaukit sa ibabaw nito. At sa ilalim naman ang kanyang mukha.

Napakagat-labi si Eddie upang pigilan ang kanyang ngiti. Ngunit napansin ito ni Andrea na napangiti na rin.

“I’m happy to see that you’re smiling again, Eddie.”

Napatingin siya sa tiyahin at napatango.

“I think he’s very special, tita.”

“So, binigyan mo na ba siya ng invitation?”

“Ah... di pa po, tita. Di ko pa alam kung paano iaabot sa kanya ang invitation, eh. Medyo naaalangan pa po kase akong lapitan siya.” Turan pa niya.

“Eddie, it’s a mere invitation. There’s nothing wrong with your approaching him to give it. Kung di mo siya bibigyan, hayaan mo na lang na ako ang magbibigay sa kanya, OK?”

“No, no, tita. Ako na ang bahala doon. And maybe, pwede rin nating imbitahan ang mama niya? K-kung OK lang sa inyo, tita. Mabait kase siya sa akin nang maipakilala siya sa akin ni Ryota.”

“Oh, of course it’s OK. You know that I just want you to be happy, Eddie.”

“Thanks, tita.” Aniyang niyakap ang tiyahin pagkatapos itong halikan sa pisngi. “I am very happy right now.”

Sa campus kinabukasan...

“Sige na. Lapitan mo na kase!” anang Rina na itinulak-tulak pa si Eddie na papalapitin kay Ryota.

Eksaktong papalabas na sila ng library noon. Nakasunod na naman sa kanila ang grupo ng binata. Huminto ang tatlo dahil sa may binalikan pa sa loob si Anton.

“N-ngayon na ba talaga?” biglang di mapakali si Eddie sa gagawin niyang ito.

“Ngayon na! Sige na, bilis!”

Bumuntong-hininga ang dalaga at nilapitan sina Olif at Ryota na naghihintay kay Anton.

Napatingin ang mga ito nang lumapit silang magkaibigan. Ngumiti nang matamis si Ryota kay Eddie.

“Hi, Eddie.” Bati pa nito.

“H-hi. M-may ibibigay lang sana ako sa yo. Baka pwede mo na rin isama ang mama mo kung wala siyang ibang gagawin sa araw na yan.” Sabi pa niyang sabay abot ng invitation card.

“A-ano to?” napangiting tanong ng lalake.

“Birthday party ni tita Andrea two weeks from now. Gusto ka niyang dumalo doon. That is, if you have nothing else to do on that day.” Kumibit na aniyang may matipid na ngiti.

Tinignan ng binata ang card at lumiwanag ang mukha nito sa tuwa. Napasulyap pa ito sa pinsan na itinatago ang tuwa sa labi nito.

“Thanks. *Hahawe* and I will be there. I promise!” sabi pa ni Ryota.

Tumango si Eddie.

“Sige.”

“Eddie.” Tawag pa ng lalake nang akhang tatalikod na ang dalaga kaya napahinto naman siya at napatingin rito.

“You look so pretty in your dress. At natutuwa akong hindi ka na nagsusuot ng itim. I mean...”

Tumango siya sa lalakeng napahinto ng pagsasalita.

“Salamat. Sige, ipararating ko na lang kay tita Andrea na dadalo kayo ng mama mo sa party niya. Aalis na kami ni Rina. May... dadaanan pa kase kami.” Pagpaalam pa niya.

“Sige. Pero... wala na rin kase kaming gagawin. Baka pwede na kaming sumabay sa inyo?” kumukumpas na anang Ryota.

“Ha? Sasabay tayo sa kanila?” tanong pa ni Anton na kalalabas lang ng library at bitbit na nito ang librong naiwan.

Napatingin si Eddie kay Anton na hinampas ni Olif sa braso. Saka napatango siya kay Ryota.

“Sige. Kakain lang naman kami ni Rina sa labas, eh.”

Tsaka ngumiti naman si Rina sa mga lalake.

“Kaya lang, kasama namin si James.” Anang Rina.

“Kung OK lang sa kanyang sumama kami...” anang Ryota.

“Walang problema kay James.” Madaling sabi ni Rina.

“Well, sabay na tayo.” Masayang anang Ryota na inipit sa libro ang invitation card upang hindi ito mawala o kaya’y malaglag.

“Sorry, di ako makakasama. May date pa kase kami ni Krissy, guys.” Umiiling na anang Anton.

“At dadaanan ko pa nga pala si Leeyan sa university niya. Kase may project siyang kelangan ang ilang materials na ako lang ang nakakaalam.” Sabi pa ni Olif kay Ryota na umiiling din at nakataas ang dalawang kamay.

“Sige, sabay na kami ni Olif.” Anang Anton na seryoso ang mukha.

Nagkatinginan na lang sina Eddie at Rina.

Napamaang naman si Ryota.

Di niya akalaing binibigyan na siya ngayon ng pagkakataon ng kanyang pinsan at kaibigan na makasama nang solo si Eddie. Well, at least not solo. Pero magmumukhang double date ang dating nito dahil makakasama nila ang bf ni Rina.

“So...” anang Rina na siyang nagbasag ng katahimikan.

“Tara na.” Mahinang saad ni Eddie.

“Sama ka na kay Ryota. Si James na ang bahala sa kotse mo, Eddie.” Sabi pa ni Rina.

Napalunok tuloy si Eddie. Talagang sinadya ng babae na magkasama sa iisang kotse sina Eddie at Ryota.

Pinagbuksan pa siya ng pinto nito bago ito pumuwesto sa driver seat. Si James na ang nagmamaneho sa kotse ni Eddie at katabi nito si Rina na ngising-ngisi naman. At parang may sinasabi pa ito kay James na napangiti rin sa gf nito.

“Ahm... salamat nga pala sa mga regalo na ipinadala mo. Hindi ka na sana nag-abala pa.” Sabi pa ni Eddie habang tumatakbo na ang kotse patungo sa restoran kung saan sila kakain.

“Hindi abala sa akin ang gawin yun. I love sending you some things. I just hope you don’t mind.”

Patlang.

“Pwede ko bang malaman kung... baket ako pa?” tanong niya sa lalake.

Tiningnan siya ng lalake ng dalawang saglit bago ito bumalik sa kalsada. Napalunok ang dalaga at bumibilis ang tibok ng kanyang puso dahil sa tinging iyon ng lalake.

“Because I love you. And one can’t choose someone to love.” Ang naging tugon ni Ryota sa kanya.

Chapter 10

Naging maganda ang “first date” na double date nila sa gabing iyon. Hindi inasahan ni Eddie na seryoso si Ryota kapag seryoso rin ang pinag-uusapan. Nakikalog din ito kapag idinidikta ng paksa at pagkakataon. At natutuwa ang dalaga dito. Di niya akalaing magiging komportable siya na kasama si Ryota.

Kapwa ang dalawang lalake ang nagbayad sa kanilang kinain. Naglibot muna sila sa boulevard bago nagpasyang umuwi. At masayang nakatulog si Eddie sa gabing iyon. Unang pagkakataon mula nang ma-in love siya sa buong buhay niya.

Nang mag-weekend ay naipasya niyang tawagan si Suzanne.

“Saan nakatira sa Baguio si Beth?”

“B-baket mo siya pupuntahan?”

“Wala akong gagawig masama sa kanya, Suzanne. You should know that. Gusto ko lang siyang kausapin.”

Kaya ibinigay naman ni Suzanne ang address ng pinsan nito. Saka nagpaalam si Eddie sa kanyang tiyahin na aakyat siya ng Baguio. Upang bisitahin ang isang kaibigan. Pumayag naman ito at heto siya ngayon. Kinakatok ang pinto ng bahay ni Beth.

Napakurap ang babaeng nagbukas ng pinto. Maganda ang mukha nito at morena ang kutis. Sa tantiya ni Eddie ay dalawang taon itong nakatatanda sa kanya.

“Beth?” ani Eddie na nagtatanong.

“Oo.” Nagtatakang anito.

“Pwede bang pumasok? Medyo... seryoso kase ang pag-uusapan natin ngayon.”

Aniya.

“Mama!” narinig na lang nilang boses ng bata nang pinapatuloy na siya ni Beth sa loob.

“Stephanie, doon ka lang sa kwarto mo. May bisita pa si mama, eh.” Nakangiting anang Beth sa anak.

Tumalima ang anak. Napalunok si Eddie sa kanyang nakikita. Kamukha nga ni Stefano ang anak nina Beth maliban na lang sa mga mata nito na namana sa ina.

“Hindi ko pa nga pala naipakilala ang sarili ko. Ako si...”

“Eddielyn. Alam ko.” Tumangong nakangiti si Beth sa kanya. “Tinawagan na ako ni Suzanne at sinabing pupunta ka rito.”

“I see. Ahmm... alam mo...”

“Pwede bang maupo muna tayo?” nakangiting anang Beth pero nakikita ni Eddie ang mga matang sumalamin sa kanya dati. Mga matang nagluluksa sa pagkawala ng minamahal.

“Yes. Thank you, Beth.”

Nang makaupo na sila ay sinimulan na ni Eddie ang pagsasalita.

“I just want to let you know that I don't hate what had happen. Kahit niloko ako ni Stefano, I did love him in a way. Or at least wala akong naramdaman na galit sa kanya, sa yo, o sa anak n'yo. But I am happy to know that despite sa kalokohan niya,

minahal mo pa rin siya. At naririto ako ngayon para humingi sa yo ng tawad. K-kung nasaktan man kita nang di ko alam...” nagsisimulang umagos ang mga luha niya sa kanyang mga mata at mabilis niyang pinahiran ang mga ito.

At noon niya rin napansing umiiyak din pala ang babaeng kinakausap niya. Nang tahimik.

“Wala kang kasalanan, Eddie. Nagmahal lang tayo sa iisang lalake noon. Walang may kasalanan sa nangyari. Nakatadhana lang ang lahat. Pero kahit hanggang ngayon, mahal ko pa rin siya. At di man lang niya nasilayan si Stephanie.” Sabi pa ni Beth. “Pero natutuwa pa rin ako at naka-recover ka na. Balita ko kase, mahigit dalawang taon mo siyang ipinagluluksa.”

“Oo. Pero pinalaya ko na siya mula nang magdesisyon akong pakawalan na siya, Beth.”

“Tama lang, Eddie. You deserve to have someone better. And you deserve to be happy after everything that has happened.”

“Ikaw rin, Beth.”

“Hindi ko alam. Siguro kalahati sa akin ay habambuhay ng magluluksa sa pagkawala niya. Mahal ko talaga siya, Eddie.” Bumuntong-hiningang ani Beth.

Napatango si Eddie saka ginagap ang kamay nito.

“Naiintindihan ko. Pero sana magiging masaya ka pa rin. May anak kayo ni Stefano. At isang napakagandang regalo yun sa inyo.”

Tumango si Beth at pinahid ang mga luha.

“Dito ka na kumain. Sa tingin ko, di ka pa kumakain, eh.” Pag-iiba pa ni Beth.

Natatawa naman siya.

“Oo nga, eh. Kelangan talaga kase kitang makausap. Ngayon, mabuti na ang pakiramdam ko.”

“Mabuti naman. Siyanga pala, may naikwento sa akin si Suzanne tungkol sa bago mong pag-ibig.”

“Si Suzanne talaga!” nasabi na lang niyang natutuwa.

Pagbaba niya galing Baguio ay dumaan muna siya sa sementeryo at masaya na ang pakiramdam niya na tila ba ay gumaan na ang kanyang konsensya pagkatapos ng mahabang panahon.

Ibang Eddie na ang pumasok sa university sa araw ng Lunes na iyon. Kahit sa resolution niyang saka na siya magsusuot ng colored sa birthday ng tiyahin ay ginawa na niya sa araw na ito. At ikinatutuwa naman ito ni Rina nang makita siya.

“Wow! Di ka na maputlang tignan. Mabuti yan.”

“Salamat. I broke my promise na magsuot ng gray until next week.”

“Naku! OK lang yun. Mas mabuti pa nga ito kaysa sa next week pa, eh. Di ba? Tignan mo na lang ang reaction ng mga tao diyan.” Natutuwang anang Rina.

Napangiti na lamang si Eddie nang maluwang.

Maganda ang kanyang pakiramdam for the first time, in a very long time. Sarap ng kanyang feeling na maging isang malayang tao.

“Lilian! It’s a surprise to see you here.”

Nasabi pa ni Ryota sa babaeng mag-isa lang na nagpunta sa university nila. Naratnan na lang ito ni Ryota na nakasandal sa kanyang kotse.

Hindi kasama ng binata si Olif dahil may project pang ipinasa ito na late. Napagkasunduan na lang nilang doon na sa parking lot magkita.

“Saan si Krissy?” tanong pa ni Anton sa babae.

“Sa... labas!” anang Lilian.

“Pupuntahan ko lang, Ryota.” Paalam pa ni Anton.

“Anong ginagawa mo dito?” Pagkatapos tumango sa kaibigan ay tanong niya sa babae.

“Of course, I wanna see you,” anitong hinahaplos pa sa dibdib ang lalake.

“Stop doing that, Lilian. We’re in a public place.”

Nakatiim-bagang na anang binata na palinga-linga sa mga kapwa estudyante.

Napatawa ang babaeng ipinagpatuloy ang ginagawa.

“Ryota, narinig kong nagkamabutihan na kayo ni Eddielyn.”

“That’s right. Konte na lang at sasagutin na niya ako.” Turan pa ng lalake.

“Oh! Talaga? Pero... sasagutin ka pa kaya niya kapag nakita niya tayong dalawa na naglalambingan? You should know, she’s very conservative, Ryota. You won’t enjoy her company. While in my...”

“That’s what’s unique about Eddie. She’s not like most other women in my past. And you are part of my past, Lilian. So let go!” matigas na sabi ng binata na itinulak ang babae.

Ngunit nang makita ni Lilian na paparating si Eddie sa mga sandaling iyon, at si Anton naman, sa kabilang banda, ay bigla nitong niyakap si Ryota sa leeg at hinalikan sa labi. Pagkatapos ay nakangiti itong tinalikuran ang lalake.

“See you again, Ryota.” Anitong nakangisi pa rin at nag-flying kiss pa.

Napamaang si Ryota at nakita na lang niya si Eddie. Nakita ng dalaga ang nangyari kaya inis siyang lumulan sa kanyang kotse. Tinawag ng lalake ang kanyang pangalan ngunit di niya ito pinansin.

“What was that all about?” Nalilitong anang Anton sa humarurot na kotse ni Eddie. “Wala naman si Krissy sa labas!”

Malungkot na napatingin si Ryota kay Anton at walang masabi.

“Pooh! That bitch!” inis na ani Anton na minura si Lilian na nakaalis na.

“Eddie, baka nag-o-over react ka lang diyan,” sabi pa ni Rina nang malaman ang nangyari mula kay Eddie mismo.

“Ano? Nakita ko ngang naghalikan silang dalawa. Wala doon sina Olif at Anton. Kaya nagkaroon sila ng pagkakataon na dalawa.”

“No. Ryota is serious about you. Baket naman siya magtataksil sa harap ng buong university? Isa pa, walang binatbat sa yo ang Lilian na yun. Marami na akong naririnig tungkol sa kanya. And you better know it since you attended the same university for a while.”

Hindi nakapagsalita si Eddie. May punto si Rina.

Pero the fact na pinatulan ni Ryota ang babaeng iyon, isang pagtataksil pa rin yun para sa kanya. At inis na inis siya! Umiyak pa nga siyang nagmaneho pauwi sa kanilang bahay.

Kinabukasan ay di niya pinansin ang mga sorry notes ng lalake sa locker niya at ang mga bulaklak nito. Sa halip ay ibinasura niya ang mga ito.

Napailing naman si Rina sa ginawa niya. At pumasok na sila sa kanilang klase.

“Eddie, talaga bang galit ka kay Ryota?” tanong pa ni Brenda, ang ex-gf ni Anton na kaklase nila, nang nasa room na sila ni Rina.

“Reporter ka ba?” inis na aniya sa babae.

“Hindi. Pero concern lang ako sa yo at kay Ryota. At least, kilala ko na si Ryota even for a short time na nakasama ko siya dahil kay Anton.”

“Brenda, sabihin mo na ang gusto mong sabihin at wala na tayong oras,” inis na anang Rina sa kaklase.

“Paano kung ayaw niyang makinig?” anang Brenda.

“Nakita mo ang lahat. Dapat maniwala siya sa yo.” Sabi naman ni Rina na positibo.

Napamaang si Eddie.

“Anong... nakita niya ang lahat?” tanong pa niya kay Rina.

“Tanungin mo siya.” Kumibit na anang kaibigan.

Kaya bumaling na siya sa kaklase na napangisi.

“Well, nasa parking lot lang naman ako at ang mga kaibigan ko nang dumating ang babaeng iyon at kung anu-ano na lang ang sinasabi niya tungkol sa yo. Pero inamin naman ni Ryota na gusto ka niya. Dahil wala si Anton doon dahil susunduin sana si Krissy sa labas, na gf na niya ngayon, inaakit na lang ni Lilian basta si Ryota.

Pero sinuway na siya ni Ryota na ayaw niyang magpahimas sa babaeng iyon sa dibdib lalo na’t public. Itinulak pa nga niya ang babae, eh. At nang parating na nga kayo ni Anton, bigla na lang niyang niyakap si Ryota at hinalikan. Siya ang humalik, at hindi si Ryota. Dahil ayaw ni Ryota sa kanya! Ang panget kaya niya at napaka-flirt kung ikokompara sa yo?”

Napalunok si Eddie at napatingin kay Rina.

“See?” taas-kilay na anang Rina.

“Hindi ako pupunta sa party,” malungkot na sabi ni Ryota kay Rina na sadyang nagpunta sa bahay ng binata.

Nakabihis na ang babae kasama si James.

“Ano? Dahil ba sa nangyari? Naku naman, Ryota. Huwag mo ngang sayangin ang oras natin. Naghihintay na sa inyo sina tita Andrea sa hotel!” sabi pa ni Rina.

“Magbihis ka na.” Tahimik na suhestiyon ni James.

“Hindi nga ako pupunta doon. Galit sa akin si Eddie.”

“Susuko ka na ba ngayon? Ngayong... ngayong gabi ka na sasagutin ni Eddie!” nasabi pa ni Rina.

Napakurap-kurap ang lalake sa narining. At agad na tinawag ang ina nitong Haponesa para makapagbihis na sila.

Nagkatinginan ang magkasintahan. May warning sa mga mata ni James ngunit helpless lang na kumibit si Rina sa nobyo.

Sabay na silang nagtungo ng hotel. Marami na ang mga bisitang naroroon. Pero di nila nakikita si Eddie. At tapos na nilang mabati si Andrea sa kaarawan nito at naibigay na rin ang regalo nito na matagal nang pinaghandaan nina Ryota at Areru.

Nag-uusap sina Areru at Andrea habang hinahanap ni Ryota si Eddie sa paligid.

“Hayun siya sa may hagdanan.” Bulong pa ni Rina at umalis na.

Tinungo ng binata ang hagdanan at nakitang may kausap si Eddie na ilang bisita. Nang makita siya ay nagpaalam na ito. Sumunod siya sa babaeng nagpunta sa isang pribadong eskinita na parte ng hotel.

“M-mabuti at nakapunta ka.” Medyo tensyonadong anang Eddie sa binata.

Hinaplos ni Ryota ang pisngi ni Eddie.

Napalunok si Eddie at lalong kinakabahan.

Ngayon na ang gabing kanyang ipinangako sa sarili at sa kaibigan na sasagutin niya ang lalake. Pero di niya alam kung papaano sisimulang sabihin ito.

“Eddie, I’m sorry.”

“A-alam ko na ang buong istorya. Pasensya ka na at agad kitang hinusgahan.”

Ngumiti nang matipid si Ryota.

“You truly gave me a hell of a time, Eddie. All of it!”

“I-I know. Pero kelangan kaseng surpresa para sa yo ang... gabing ito, Ryota.”

Unang pagkakataong sinambit niya ang pangalan nito sa harap nito.

Bago pa siya makapagsalita pa ng kung anu-ano ay niyakap na siya ni Ryota sa bewang at inangkin ang kanyang mga labi sa isang malalim at mapagmahal na halik.

Na ginantihan naman niya nang buong pagmamahal at kalayaan.

“Alam kong sasagutin mo ako ngayon. Sinabi sa akin ni Rina.”

Bulong pa ni Ryota sa kanya kaya napatawa na lang ang dalaga rito.

“Kung di pa niya sinabi yun, hindi sana ako pupunta ngayon kasama si *hahawe*.”

“A-andito ang mama mo?”

“Oo. At di ba dapat tawagin mo siyang *Oba Areru*?” Ang nakatawang puna ng lalake. “O kaya’y *hahawe* na rin magmula ngayon?”

“Ang bilis mo naman yata. Wala pa akong sinasabi sa yo. Si Rina pa naman ang may sabi sa yo, ah.”

Ngunit nakayakap pa rin sa kanya ang lalake. Kaya madali siyang nahahalikan nitong muli.

“Sige, sabihin mo nang mahal mo rin ako at kakalimutan ko na lahat ng pinagdaanan kong mahihirap dahil sa yo.”

“Di mo ba napansin ang suot ko?” Simangot na tanong niya.

“Of course, I do. You look so sexy, in fact!”

“I mean the color!”

“Yeah, I can see it red, low cut bodice, backless...”

“It means... na tayo na, Ryota.” Matama niyang tinignan ito sa mga mata at ginawaran na naman siya nito ng halik sa mga labi. “Oo, mahal di kita, Ryota.”

Napakasaya ng pakiramdam ng lalake dahil sa inusal ng dalaga. At ipinangako niya sa sariling wag paiiyakin ang babaeng mahal niya nang buong puso...

-- Wakas --